


# ANG MGA GAWA AY

## PANANAMPALATAYANG NAHAYAG

 Salamat. Mabuti ang maparito, sa gabing ito, muli. Hindi ko alam kung paano nila nalamang mananalangin ako para sa maysakit. Lahat ay naparito para maipanalangin. Alam n'yo, ako naniniwala na kapag sumunod ka sa pangunguna ng Espiritu, mabuti ito. Iyan ang pinakamainam, 'yan ay isang Mensahe na hindi kailanman nabibigo.

<sup>2</sup> Ngayon, nakaupo ako sa loob ng silid kanina, matapos. . . isang ministrong napakalapit sa aking puso (tatlo sila), tatlo sa mga tunay na mabubuti kong kaibigan, sinabi nila sa akin na sila'y darating para mananghaliang kasama ko. At naisip ko, "Buweno, mainam iyon," alam n'yo na.

<sup>3</sup> Kaya ako—ako'y kumain lang ng kaunting agahan 'pagkat natitiyak kong sila ang magbabayad 'nun, kita n'yo, at ako. . . ay makakain nang marami sa hapunan. Kaya't sumapit ang 12:00, at ang 1:00, at sumapit ang 2:00, wala pa ring tao roon. Kaya't mayroong. . . ang pulisya ay may hinahabol na isang kriminal, doon sa bakuran, kaya't bumaba ako para tingnan ang pangyayaring iyan. Talagang hindi ko na makita si Kapatid na Jack. Kaya pala, napag-alaman ko, 'yung taga-hotel na lalaki ay mali ang naibigay sa kaniya na numero; at mali ang tinatawagan niyang silid, sa tuwina, kung saan ako—ako'y wala roon. Magpapalibre na lang ako sa kaniya, sa uulitin, ganoon pa man, sa ibang pagkakataon. Siya at si Kapatid na Tracy, talagang natuwa akong makita sila at si Kapatid na Brown sa gabing ito. Ito ay tila ba kailangan na naman naming bumalik muli sa Arizona.

<sup>4</sup> Naalaala ko pa sa pagdaraan sa disyerto noong nakaraang araw. Sinabi ko sa aking maybahay, na nariyan sa likuran, sabi ko, "Sa dakong ito nakaupo si Kapatid na Jack sa likuran nitong munting Chevrolet." Si Kapatid na Brown at siya ay nagtalo tungkol sa-sa orihinal na paglikha, kung ginawa ba ito sa loob ng anim na araw o kung ginawa ito sa loob ng anim na milyong taon. Maganda ang isang iyon.

<sup>5</sup> Naging matindi ang kanilang pagtatalo, lumabas sila at dumampot ng isang dakot na bato, at ang isa'y nagtago sa likod ng isang poste, at ang isa't isa, at nagbatuhan sila sa isa't isa sa abot ng makakaya nila. Hindi nila matapos ito sa ganoong paraan, sabi, "Matatalo kita sa takbuhan." Doon sa daan nagtakbuhan nga sila; si Kapatid na Jack, isang maliit na tao, hangga't sa makakaya niyang lumiko; at si Kapatid na

Young na may mahahabang binti, alam n'yo na. Noon lang ako humalakhak nang ganoon sa buong buhay ko!

<sup>6</sup> Pagkatapos, si Kapatid na Jack ay bumalik sa kotse at tinanggal ang sapatos niya. Si Kapatid na Sharritt ay binigyan kami ng isang malaking sako ng mga orange, at nakalahati niya ang mga iyon bago pa kami nakarating ng Shreveport.

<sup>7</sup> Alam n'yo, 'yun ay mga ginintuang araw, ganoon pa man. Opo, ginoo, ang mga 'yun ay mga ginintuang araw. Alam kong parang pabiro ito, nakakatawa, nguni't ito'y totoo. Subali't tayo . . . may kung anong bagay tungkol diyan, habang tumatanda ka at magugunita ang mga iyon sa iyong isipan. Naiisip mo ang mga panahong iyon na nais mo sanang mamuhay roon muli, tama 'yan, ang mga panahon ng ating kabataan. At habang tumatanda tayo, silang lahat ay nagiging mga larawan. Labis akong nagagalak na ito'y dalisay at sagrado, at samahang magkakapatiran, sa pag-ibig. Nalalamang tayo'y patungo sa isang Lupain kung saan ay hindi na tayo kailanman tatanda, kung saan . . . ang dakilang Lupaing iyon, sa dako roon, kung saan tayo'y hindi na kailanman, kailanma'y hindi na tatanda o mamamatay man.

<sup>8</sup> Isa sa mga mahal nating kapatid na lalaki, na napamahal sa ating lahat nang labis, kapapanaw lamang niya tungo sa Lupaing iyon. At sa tuwing papanhik ako sa entabladong ito, ako-palagay ko'y maiisip ko lagi si Kapatid na Lyle. Ako'y napatingin kagabi at nakita ang munting si Judy na nakaupo sa gawi roon, at talagang malakas ang pagpintig ng puso ko, iniisip ko kung ano ang nararamdaman niya. At alam ko noong mamatay ang itay kung paanong . . . Subali't kailangan lamang nating dumaan sa mga karanasang iyon ng mga pagdurusa nang sa ganoon malaman kung ano ang nararamdaman ng ibang tao.

<sup>9</sup> Sa palagay ko ay nakatingin ako sa isang matanda nang kaibigang ministro na nakaupo rito. Hindi ko lang siya matawag sa pangalan. Tama ba iyan, dati kang nananalangin para sa mga maysakit dito, parati, maraming taon na ang lumipas? [May nagsabi, "Gerholtzer."—Pat.] Gerholtzer, iyan-iyon ay pangalang Aleman, hindi ko talagang mabanggit ito nang tama. Nakasalubong siya ni Kapatid na Tracy doon sa labas. At nakilala ko siya ng mga sampung taon na, at sabi ko, "Hindi ka man lang tumanda ng anim na buwan sa sampung taong iyon." Tayo'y nabubuhay sa isang mundo na magwawakas balang araw.

<sup>10</sup> Ngayon, sa gabing ito, ako ay . . . Masyado kayong ginabi kagabi, sisikapin kong huwag gawin iyon sa gabing ito. Tatapusin ko ang aking salaysay; iniisip ko kanina na, sa gabing ito, mangangaral sa isang-isang paksa ng *Pag-agaw*, sa iglesia. Kung paano ang kalalagayan, ayon sa nakikita ko sa Kasulatan, sa anong kalalagayan dapat naroon ang Iglesia para sa Pag-

agaw, at ano ang mangyayari bago maganap ang Pag-agaw, at kung paano ito magaganap. At lahat tayo ay naniniwala sa Pag-agaw, hindi ba? Pinaniniwalaan natin Ito. At pagkatapos, bigla na lang, may Isang nagsabi, “Manalangin ka para sa maysakit, ngayong gabi.” At ako lamang ay naghahapunan kasama ang isang munting kapatid na Mexicano roon, ako’y nagtungo at sinundo siya sa kalsada. Palagay ko’y narito siya sa gabing ito, siya at ang kaniyang maybahay.

<sup>11</sup> At pagkatapos ay may taong dumating, at nagpatotoo sa akin. Sabi, “Kung...Sa bakuran o sa simbahan,” sabi niya, “may isang lalaki roon, na, sa palagay ko ito’y mga isang taon na ang nakalipas, na pumila siya sa hanay ng pagkilala.” At naisip ko, sa gabing ito, na magkaroon tayo lamang ng isang makalumang hanay ng pananalangin, tulad nina Kapatid na Jack at Kapatid na...

<sup>12</sup> Si Kapatid na Young Brown ay dating namimigay ng mga kard sa pananalangin para sa akin. At nasumpungan ko siyang totoong matapat at hindi ko siya nahuhuling nagbebenta ng kard o gumagawa ng anumang bagay na mali, siya’y totoong matapat. At kami ay may mga nahuling gumagawa ng ganoon, alam n’yo. Kaya-kaya’t aming...si Kapatid na Young, siya’y naroon sa tungkuling ’yon palagi, at matapat. At naalaala ko pa, siya noon ay tumatayo at kinukuha ang mga kard, at dinadala sila sa pila. Ako’y mananalangin para sa kanila at sila’y sasabay, ’yun lamang na dalisay na pananampalataya na taglay ng mga taong iyon, kung makakalapit lang sila sa iyo ay gagaling sila. At sa palagay ko’y may dalawampung gumaling doon sa isa, sa kung anong meron tayo ngayon.

<sup>13</sup> Pagkatapos, ang salaysay na ito ay dumating kaninang hapon tungkol sa isang lalaki, marahil siya’y naririto ngayon. Na naroon siya sa hanay ng pananalangin, isang taon na ang nakalipas, kung saan, at-at nagkaroon siya...sabi, sa pagkilala ay sinabi na siya’y nagkaroon noon ng biki. At sinabi ng mga doktor sa kaniya, makaraan na magkasakit ng biki, na hindi na siya magkakaanak pa ng sanggol na babae, at matagal na niyang hangad na magkaroon ng isa. Sa palagay ko’y may mga anak siyang lalaki. Subali’t sa pangitaing buhat sa Panginoon, sinabi nito sa kaniya, “Datapuwa’t magkakaanak ka ng babaing sanggol.”

<sup>14</sup> At sinabi niyang kasama niya rito ang munting batang babae sa gabing ito. Hindi ko kilala ang lalaki, marahil... na-narito kaya siya sa mga tagapakinig, o ang-ang lalaking tinutukoy ko? Saan man? Hindi ko alam, may nagkuwento lang sa akin tungkol dito, sa labas. Oh, heto ang bata karga-karga sa gawi rito, nakaupo sa gawing iyon. Mabuti iyan. Napakabuti niyan. Napakagandang munting bata. Hindi lang sana gaanong kalayuan para maraan ang marami para... totoong marikit, na munting bata, papupuntahin ko sana siya

rito para magpatotoo. Marahil gawin niya iyon bukas, o sa isang pagkakataon kapag mayroon tayong mga gawain.

<sup>15</sup> Ngayon, bukas ng umaga ay ang Business Man's Breakfast. Naipabatid na n'yo ito, palagay ko? At buweno mabuti 'yan.

<sup>16</sup> At ngayon tayo'y magkaroon ng isang munting-isang munting aralin tungkol sa Banal na pagpapagaling. Ilan ba ang naniniwala rito? Oh, naku, magiging isang dakila ang gabing ito, kapag may pananampalataya kayong tulad niyan. Mga taong sinasampalatayan ito, iyan lang ang kailangan. Ito'y para sa mga mananampalataya.

<sup>17</sup> Ngayon, kaya't, kumuha ako ng lapis at sinimulang magsulat ng ilang teksto at iba pa, at ang . . . at pagkatapos ay kumatok si Billy sa pintuan at ang sabi, "Daddy?"

<sup>18</sup> Sabi ko, "Maghintay lang saglit, hindi ko pa natatapos ito."

<sup>19</sup> Sabi niya, "Nguni't, naghihintay si Kapatid na Jack sa iyo." Kaya't, ako-kinailangan ko nang pumunta. Iniipit ko, wala akong pang-ipit sa papel, kinuha ko ang isa sa mga "johnny pins" ni Meda o isang uri ng ipit dito na tinawag nilang "bobby pin." Iyon na nga 'yun, "bobby pin," basta isang uri ng ipit. At-at wala akong gaanong alam sa mga bagay na 'yun, alam n'yo na, at nakita ko lang itong nakalapag doon. Kaya, ngayon para may pang-ipit sa papel dito, upang maihiwalay ko kung ano ang aking . . . magkaroon ng mga ilang tala para sa umaga; ibukod ang mga iyon, sa isa't isa.

<sup>20</sup> At habang ako'y tumatanda . . . dati'y kaya kong tandaan ang mga Kasulatan at mga bagay-bagay nang napakadali. Nguni't, alam n'yo, medyo mahirap nang gawin. Nararansan mo na rin ba ang ganoong problema, Kapatid na Jack, sa ngayon? Tama 'yan, oo. Sinabi ko kay Kapatid na Jack, dito hindi pa katagalan, sabi ko, "Alam mo, Kapatid na Jack," sabi ko, "Ako'y nagkakaedad kaya ako'y hirap nang makaalaala." Sabi ko, "Ako'y mag-uumpisang magsalita sa isang bagay, at kinakailangan ko pang maghintay."

Sabi niya, "Ha—hanggang ganoon ka lang ba?"

At sabi ko, "Buweno, hindi pa ba malala iyon?"

<sup>21</sup> Sabi niya, "Hindi." Sabi, "May tatawagan ako sa telepono at sasabihin 'Ano'ng kailangan mo?'" Akala ko'y binibiro mo lang ako noon, Kapatid na Jack, natuklasan kong iyon pala'y talagang totoo.

<sup>22</sup> Opo, ginoo. Naku, kung paano ka palang makalimot. Nguni't gawin nating lahat ang ating mga gawi nang tama, sapagka't ang mga iyon ay nasa isang aklat, isang rekord na ipalalabas sa araw ng paghatol.

<sup>23</sup> Ngayon, tayo'y parang isang malaking pamilya. At hindi ko pinapalagay tayo nakakonekta sa gabing ito, sa buong bansa, habang ako'y nangangaral ng aking mensahe kagabi.

Sa palagay ko ito marahil ay sa lokal na pagtitipon lamang dito. Kaya, kagabi, tunay ngang pinasasalamatan ko ang inyong kagandahang-loob sa pagtayo . . . hindi ko nais . . . hindi ko ninais na samantalain ang kabutihan ni Kapatid na Jack. Nguni't lagi na niyang sinasabi sa akin, "Sabihin mo lang kung ano ang nais mo." Kaya't pumanhik ako sa entablado at nangaral ng kaunting doktrina. Subali't, para lamang ating . . . kung ilan sa aking mga kapatid na maka-denominasyon.

<sup>24</sup> Ako may ay isang panaginip, noong isang umaga. Hindi ako madalas managinip, hindi ako mapanaginipin. Nguni't ako-ako'y nanaginip na nakita ko ang isang lalaki, isang binatang nakatanikala, nagpupumilit siyang makawala, at sabi ko . . . May nagsabi sa akin, sabi, "Ang mga 'yan ay masasamang tao, huwag na silang pakikialaman."

<sup>25</sup> At nakita ko ang binatang ito na kumakawala sa kaniyang tanikala kaya't hinayaan ko lang siya. Naisip ko, "Titingnan ko lang kung ano ang gagawin niya." Kaya noong nakawala siya, isa siyang mabuting tao. At nakita ko ang iba pa na nagpupumilit makawala.

<sup>26</sup> Ngayon, ito'y isang panaginip lang. At ako'y lumakad sa gawing ito at nakita ko ang isang-isang kapatid, si Roy Borders, isang matalik kong kaibigan, na naninirahan sa California. Tila ba may problema, ang mga mata niya ay halos nakapikit, at may napakalaking . . . marahil ay kanser o may kung ano sa ibabaw ng kaniyang mga mata. At ako . . . may humahatak sa akin palayo sa kaniya. Sumigaw ako, "Kapatid na Borders! Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, umalis ka riyan!"

<sup>27</sup> At hindi siya halos makapagsalita, sinasabi, "Kapatid na Branham, higit pa rito ang kailangan nito. Sadyang hindi ko ito mahawakan, Kapatid na Branham. Sadyang hindi ko ito mahawakan."

<sup>28</sup> Ang sabi ko, "O Kapatid na Borders." Mahal ko siya.

<sup>29</sup> At may humatak sa akin palayo, at ako'y tumingin, at isang babae iyon na nakatayo sa gawi rito. Ang . . . noong ako'y bata pa, ako-ako noon ay naghahatid ng mga groseri mula sa tindahan ng groseri sa mga tao. At ang pangalan niya ay Gng. Fenton, siya'y naninirahan pa rin sa Jeffersonville, isang matalik na kaibigan naming mag-asawa.

<sup>30</sup> At sabi niya, "Kapatid na Branham, ilitas mo kami mula rito." Sabi, "Ito'y isang impiyernong bahay." At sabi, "Ikaw ay hindi naunawaan." At sabi, "Itong mga . . . At iyong—iyong hindi naunawaan ang mga taong ito, rin." Sabi, "Ang mga ito ay mabubuting tao, subali't . . ." At tumingin ako sa gawi roon, at parang isang napakalaking bodega, o-o malalaking pader, sa ibaba ng isang napakalaking kuweba; at malalaking rehas na bakal, walo o sampung pulgada ang kapal. At ang mga tao, wala sa kanilang katinuan, pili-pilipit ang mga braso at mga

binti, iniuuntog ang kanilang ulo ng *paganiyan*. At umiiyak siya, na nagsasabi, “Iligtas mo ang mga tao, Kapatid na Branham.” Ang sabi-sabi, “Tulongan mo kami, kami’y nanganganib.” Siya mismo, kilala ko siya, kaanib siya sa . . . sa paniwala ko’y sa church of Christ, o sa iglesiang Cristiano, ang tawag ay Church of the Brethren. Kaya’t siya . . .

<sup>31</sup> Ako’y tumingin sa paligid, at sabi ko, “Sana nga’y kaya ko.” At patuloy, patingin-tingin sa paligid; at ako . . . ang aking maliit, payat na pangangatawan at-at yaong matatatag, malalaking rehas na bakal; at yaong mga kaawa-awang taong naroon sa loob. At hindi ka makapunta sa kanila, dikit-dikit ang pagkakalagay ng mga rehas na bakal. At ako’y tumingin, at iniuuntog nila ang kanilang mga ulo na parang nasisiraan sila ng bait.

<sup>32</sup> At may nakita akong kukuti-kutitap na mga ilaw sa palibot doon. At tumingala ako, at nakatayo roon ang Panginoong Jesus na may-may-may sinag ng bahaghari sa palibot Niya. Siya ay nakatingin diretso mismo sa akin, sabi, “Iligtas mo ang mga taong iyon.” At Siya ay nawala na.

<sup>33</sup> At inisip ko, “Buweno, paano ko sila ililigtas? Ako—ako’y walang sapat na lakas sa aking mga bisig para sirain ang mga rehas na iyon.”

<sup>34</sup> Kaya sabi ko, “Impiyernong bahay, bumukas ka sa Pangalan ni Jesus Cristo.”

<sup>35</sup> At lahat ng naglalangitngitan at nagkakalampagan, at—at nagsisiguho na mga bato, at—at ang mga rehas nagbabagsakan; at ang mga tao nagtatakbuhan, nagsisigawan, “Malaya na!” at nagsisigawan sa abot ng kanilang makakaya, at nangaligtas lahat.

<sup>36</sup> At sumisigaw ako pagkatapos, “Kapatid na Roy Borders, saan ka naroroon? Saan ka naroroon? Nililigtas na ng Dios ang Kaniyang bayan! Saan ka naroroon, Kapatid na Borders?” Ako’y napaisip tungkol diyan.

<sup>37</sup> Alam n’yo, si Kapatid na Borders ay takot na takot. Alam n’yo ang propesiya, lahat . . . marami ang nakaaalam sa inyo, kunin n’yo ang mga teyp at iba pa, tungkol sa West Coast.

<sup>38</sup> May mga lalaking nakaupo rito, ngayong gabi, na naroon nang mangyari iyon (noong nakatayo kami roon, sa isang pangangaso), isang ministro na nakikinig kagabi. May isang bulag na mata, lumapit lamang siya roon at sabi niya . . . ipinakilala ang sarili niya. Siya’y nakasuot ng salaming may kulay, doon sa itaas ng bundok. Sabi niya, “Kapatid na Branham,” sabi, “ako si Kapatid na McHughes.” Sabi niya, “Ako-ako’y tumulong sa pagtaguyod ng isa sa mga gawain mo minsan, sa California.”

39 Sabi ko, “Ikinalulugod kong makilala ka, Kapatid na McHughes.”

40 Kaya may mga dalawampung katao ang nakatayo roon. Kami ay naghahanting noon ng baboy-ramo. At sabi ko, isang araw bago kami umakyat sa itaas ng bundok, sinabi ko kay Kapatid na Banks Wood... Kilala n’yo siyang lahat, isang matalik na kaibigan. Sabi ko, “Kapatid na Wood, . . .” Pumulot ng bato at ibinato iyon sa hangin, at bumagsak iyon. At sabi ko, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, may bagay na mangyayari.”

41 Kaya, sabi niya, “Ano iyon, Kapatid na Branham?”

42 Sabi ko, “Hindi ko alam, subali’t sa loob ng dalawampu’t apat na oras ay makikita mo. May Bagay na mangyayari. Iyan ay isang dakilang tanda.”

43 At nang sumunod na araw . . . iyon ay isang dapit hapon. Kinabukasan, bandang alas-diyes, naghahanda na kami para umalis. Lahat ay may kaniya-kaniya nang baboy-ramo, at nakatayo kami roon. At si Kapatid na Mc Knelly, alam n’yo, at lahat sila, nililinisang nila ang mga iyon, at—at si Kapatid na Borders at ako; at si Kapatid na Roy Roberson, isang pilay na beterano, isang napakatalik, minamahal kong kaibigan, at nakatayo siya roon. At tumingala ako, at sabi ni Kapatid na McHughes, “Kapatid na Branham, nagpapakita ba sa iyo ang Anghel ng Panginoon kapag ika’y nasa pangangasong gaya nito?”

44 Sabi ko, “Kapatid na McHughes, oo. Iya’y tama. Nguni’t, pumupunta ako rito para makapagpahinga.”

45 Sabi niya, “O sige, Kapatid na Branham,” sabi, “hindi ko sinasadyang gambalain ka.”

46 Sabi ko, “Hindi mo ako nagambala.”

47 At tumingin ako sa paligid, at nakita ko ang isang doktor na sinusuri ang kaniyang mata. Ngayon, hindi ko siya kilala, siya’y nakasuot ng salaming may kulay, na napakatindi ng sikat at maaraw sa Arizona. At pinagmasdan ko iyon, at nakita ko ang isang doktor na nagsabi sa kaniya, sabi, “Ginoo, ginagamot ko ang matang ’yan nang maraming taon na, dalawang taon, parang ganoon nga.” Sabi, “Ang allergy na nasa mata mo, ikaw ay mawawalan ng mata. Sinisira na nito ang iyong paningin, at wala nang paraan para mapigilan ko ito.”

48 At sabi ko, “Kaya tinanong mo sa akin ’yan, ay dahil sa mata mo. Kaya may suot kang salaming de kulay ay dahil sa may dipirensiya ang mata mo.”

49 Sabi niya, “Tama ’yan.”

50 Sabi ko, “Ang doktor mo,” (inilarawan siya) “sinabi niya sa iyo, ilang araw pa lang ang nakararaan, na ‘Ikaw ay mabubulag dahil sa ang-ang allergy ay sinisira na ang paningin ng mata.’ At

kaniya nang ginagamot ito ng ilang taon, at hindi na niya kayang pigilin ito.”

<sup>51</sup> Sabi niya, “Kapatid na Branham, iyan ang katotohanan.”

<sup>52</sup> At ako ay nagsimulang pumihit at tumingin, at nakita ko ang isang-isang babae na mas matanda sa kaniya, medyo maitim ang kutis. Sila’y tubo sa isang dako rito ng Arkansas. Kaya’t kaniyang nililis ang kaniyang-kaniyang-kaniyang palda at ipinakita ang kaniyang binti sa anak niya, at sabi niya, “Anak, kapag makita mo si Kapatid na Branham, sabihin mo sa kaniyang ipanalangin niya ang aking mga paa.” At may mahahabang tumor na nakalawit sa pagitan ng kaniyang mga daliri sa paa at mga bagay.

<sup>53</sup> Sabi ko, “Ang nanay mo ay isang babaeng maputi na ang buhok, at nililis niya ang kaniyang palda, at inalis ang kaniyang—kaniyang medyas at ipinakita sa iyo ang kaniyang mga paa, at ibinilin na kapag makita mo ako sabihin mo na ipanalangin ko siya.”

<sup>54</sup> At sabi niya, “Oh, habag.”

<sup>55</sup> Lumingon ako at nakita ko siyang nakatayo roon na walang suot na salamin, pangitain, sabi ko, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, pinagaling na ng Dios ang iyong mata, at ang iyong nanay ay pinagaling, din.”

<sup>56</sup> Sa mga sandaling iyon, tumalikod ako... Ngayon, may lalaking nakaupo rito, nakatayo noon doon. Sinabi ko kay Kapatid na Roy Borders... o kay Kapatid na Roy Roberson, ipinatong ang kamay ko sa balikat niya, sapagka’t siya’y isang beterano, sinabi ko, “Kapatid na Roy, sumilong ka kahit saan, madali, may bagay na mangyayari.”

<sup>57</sup> Sabi niya, “Ano ang ibig mong sabihin, Kapatid na Branham?”

<sup>58</sup> Sabi ko, “Huwag nang magsalita! Sumilong ka kahit saan, madali!” At bumaling ako at dinampot ang isang pala, doon sa tabi ng lugar na ’yon, at lumayo ako sa kanila ’pagkat alam kong darating iyon sa kung saan ako naroon.

<sup>59</sup> Sa tabi mismo ng malalim na bangin, walo o sampung ulit na mas mataas kaysa gusaling ito, ito’y isang parang “kahon” na bundok; parang isang apoy na bumababa mula sa Kalangitan, tulad sa isang ipu-ipo, mga ilang piye lang ang taas buhat sa aking kinatatayuan. At winasak nito mismo ang mga bato sa bundok, dinaanan at pinagpuputol-putol nito ang ibabaw ng mga punong mesquite, na may isang daang yarda ang layo. Lahat ay nagsisipagtakbuhan, at nagmamadaling sisilong sa ilalim ng mga trak lahat ng iba pa. Bumalik itong muli sa itaas at dumagundong tulad ng isang malakas na kulog. Bumalik pataas sa himpapawid muli, at bumaba itong muli. Tatlong ulit



nitong ginawa 'yon. At nang matapos iyon, naglapitan sila at nagtanong, "Ano'ng ibig sabihin nito?"

<sup>60</sup> Sabi ko, "Hindi ko gustong sabihin sa inyo; tanda iyon ng paghatol. Sa loob ng ilang araw, isang malakas na lindol ang yayanig sa Kanluran. At hindi ito titigil. Ang California, ang Los Angeles ay lulubog. Ito'y guguho. Siya'y dadausdos doon mismo sa dagat." At makaraan ng dalawang araw, niyanig ng lindol na iyon ang Alaska.

<sup>61</sup> At pagkatapos, 'yung huling gawain ko sa California, habang nangangaral, at wala akong alam sa pangyayari hanggang sa makalabas na ako sa daan, sinabi Nito sa California, sabi-sabi, "Capernaum, Capernaum, ang bayang tinatawag sa pangalan ng mga anghel," ('yon ang Los Angeles) "itinaas mo ang iyong sarili sa langit, subali't ibaba ka sa impiyerno. Sapagka't kung ang mga makapangyarihang gawa ay ginawa sa Sodoma na sa iyo'y ginawa, nanatili sana ito hanggang sa araw na ito."

<sup>62</sup> Ngayon, yaong ilang araw na nagdaan, ang malalakas na pag-ugong at pagyanig. Pagkatapos, lumabas sa pahayagan ng siyensiya, ang sabi, "Ito'y butas-butis na, ito nga'y lulubog." Kakatuklas pa lamang nila nito.

<sup>63</sup> At pagmasdan n'yo, ang tubig ay didiretso pabalik sa Salton Sea. Ang Los Angeles ay nakatakda na sa paghatol. Sinasabi ko na sa inyo bago pa mangyari, para malaman n'yo kapag mangyari iyon. Hindi ko sinasabi ito sa ganang akin. At wala pa Siyang sinabi sa akin na isang bagay na hindi naganap. At maaari ninyong tatandaan niyan. Tama 'yan. Kailan? Hindi ko alam.

<sup>64</sup> Ako'y lumabas, at sinabi nila sa akin kung ano ang sinabi ko. At nakinig ako, bumalik at sinaliksik ko ang Kasulatan. Alam n'yo, sinabi ni Jesus, halos sa mga salita ding iyon, tungkol sa Capernaum; at ang Sodoma at Gomorra ay-nasa sa ilalim ng Dead Sea, sa palagay ko'y ganoon noon. At pagkatapos, mga isandaang taon ang nakalipas, ang Capernaum ay dumausdos sa dagat, at ito'y nasa ilalim ng dagat. Ang siya ring Dios na nagpalubog sa Sodoma sa ilalim ng dagat dahil sa mga kasalanan nito, ang siya ring Dios na nagpalubog sa Capernaum sa ilalim ng dagat dahil sa mga kasalanan nito, ang siya ring Dios na magpapalubog sa Los Angeles sa dagat dahil sa mga kasalanan nito, ang siyudad na iyon ng-ng kabulukan.

<sup>65</sup> Labis ang pagkatakot ni Kapatid na Roy Borders. Hindi ko alam kung...ano ang kahulugan niyon, o anuman. Hindi ko alam.

Tayo'y manalangin.

<sup>66</sup> Panginoon, sadyang napakainam magpatotoo sa mga totoong tagapakinig. Sumasampalataya kami, Panginoon, tulungan Mo ang aming kawalan ng pananampalataya. At napagtatanto naming tinatahak namin ngayon ang daan tungo

sa katapusan ng mundo. Kung ano ang oras, hindi namin alam. Subali't yaong lihim na pag-agaw sa Nobya; isa sa mga araw na ito, Panginoon, kami'y-kami'y aagawin, aagawing kasama Niya. At kami'y naghihintay para sa araw na iyon. Ihanda Mo ang aming mga puso, Panginoon.

<sup>67</sup> May napakarami. Aming nakikita, nakaratay rito sa mga tiheras at mga istretser na ito, kalalakihan at mga kababaihan na ginapos ng kaaway. May mga taong nakaupo riyan, marahil, kung hindi Mo sila hihipuin, sila'y mamatay sa atake sa puso. Marahil ang iba sa kanila ay kinakain na ng kanser.

<sup>68</sup> At Ama, Ikaw ay nakakaalam sa puso ng bawa't tao. Batid Mo kung ito ba'y totoo o hindi totoo. At sinasabi namin ang mga bagay na ito dahil na alam namin kung ano ang Iyong ginawa, ang Iyong dakilang kapangyarihan ay nagligtas ng napakarami. Kami'y mga saksi nito, bagama't pilit nilang sinasabi sa amin na "ang mga bagay na iyon ay hindi nagaganap." Subali't ito nga'y nagaganap Panginoon. Kami ay mga saksi.

<sup>69</sup> Aking dalangin sa gabing ito, Panginoon, na kahit papaano Iyong palakasin ang pananampalataya sa puso ng mg taong ito, na ang bawa't isa sa kanila ay mapalaya, ang lahat ng mga taong ito na maysakit at nagdurusa. Maging napakadali nawa nito, Panginoon, payagan lamang kami, habang sinisikap naming ituro ang Salita. Hayaang alisin ng Espiritu Santo ang aking mga kamalian, Panginoon, at ituwid ang mga iyon sa puso ng mga tao. At gawin itong isang totoo, makatotohanang gabi upang ang . . . upang maitahan Niya ang Kaniyang sarili sa puso ng bawa't mananampalataya rito. Aming itinalaga ang gabing ito para sa layuning iyan, Panginoon. Nawa'y yaong mga hindi pa ligtas, higit sa lahat, ay maging handa; maghanda na ngayon, habang ang mga pintuan ng Awa ay bukas pa. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>70</sup> Ngayon tayo'y dadako sa mga Kasulatan, bilang panimula, at sa . . .

<sup>71</sup> May naglapag ng isang-isang tala rito sa pulpito, at sabi na sila raw ay "naglikom ng kaloob" para sa akin sa gabing ito. Hindi na kailangan 'yan, huwag na n'yong gawin iyan. Hindi ko na maibabalik 'yan. Aking naalaala minsan, sa Calgary, Canada, kumuha kami ng . . . naglikom sila nitong kaloob. Pinaliliwanag sa akin ni Kapatid na Jack . . . Ang aking maybahay ay nakaupo sa likuran doon; siya, ang mga bata ay may dalawang lumang silid kung saan kami nakatira dati, kailangan niyang maglagay ng kumot sa pinto para panatilihin ang—ang pinto na nakasara para hindi magkapulmonya ang mga bata. At sabi niya . . . Sabi niya sa akin, sabi, "Kapatid na Branham, hindi tamang tratuhin siya ng ganiyan." Kaya, naalala n'yo ang pangyayaring iyon. Naglikom sila, hindi ko na maalaala sa kung ilang libong dolyar.

<sup>72</sup> At sabi ko, "Oh, isauli mo 'yan, Kapatid na Jack."

<sup>73</sup> Sabi niya, “Ngayon, paano natin magagawa ’yon?” Kaya, binili ko ang lugar at ito’y naroon. Kaya, sa kaluwalhatian at karangalan ng Dios. Aming tinirhan iyon sa loob ng ilang taon, ako at ang aking maybahay, bilang isang kaloob ng iglesya sa mga tao.

<sup>74</sup> At pagkatapos naisip ko, “Hindi yata ’yon tama. Wala akong anumang dala sa mundong ito, tiyak na wala din akong dadalhin pag-alis.” Kaya’t bumaling ako at inilaan iyon, at ipinangalan iyon sa tabernakulo. Na kapag ako’y wala na, aba’y, ang ibang lingkod ng Dios, kung may bukas pa, ay gagamitin iyon kung ganoon. Kita n’yo? Kaya’t, maraming salamat sa inyong kabaitan, mga kaibigan. Pagpalain kayo ng Dios, dahil dito.

<sup>75</sup> Ngayon, sa Santiago, sa Aklat ng Santiago, sa ika-2 kabanata. Nais nating basahin, mula sa ika-21 talata.

<sup>76</sup> At ngayon, ako sana’y. . . Isang kaunting panahon para sa pagtuturo, at pagkatapos tayo’y magsisimulang manalangin para sa maysakit kaagad-agad sa abot ng makakaya natin, at dalhin ang mga tao sa hanay ng panalangin sa makakaya natin. At tayo’y, gayundin, alalahanin din. . . ayaw kong makaligtaan natin si Kapatid na Anna Jean at Kapatid na Don, at sila, sa palagay ko sila’y nasa Thailand saanman. Hindi ba? Saan banda? Sa Bangkok, at—at sa misyon. Napakaraming bagay ang iyong maiisip sa maghapon, na nais mong sabihin sa mga tao. Pagkatapos kapag narito ka na, iyong—iyo nang hindi maalala ito, ika’y direktso nang nagsasalita sa araling iyon.

<sup>77</sup> At ngayon, dito sa Santiago, sa ika-2 kabanata. At sisimulan natin sa ika-21 talata ng ika-2 kabanata ng Santiago, at basahin ang isang-isang bahagi Nito. Ang ika-21 talata ng ika-2 kabanata.

*Hindi бага ang ating amang si Abraham ay inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil sa kaniyang inihain si Isaac na kaniyang anak sa ibabaw ng isang. . . ng dambana?*

*Nakita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kaniyang mga gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa. . . ang pananampalataya ay naging sakdal?*

*At natupad ang kasulatan na nagsasabi, At si Abraham ay sumampalataya sa Dios, at yao’y ibinilang na katuwiran sa kaniya: at siya’y tinawag na Kaibigan ng Dios.*

<sup>78</sup> Ngayon, ang aking paksa sa gabing ito. . . At hawakan n’yo muna ang inyong mga Biblia ngayon, ’pagkat marami akong mga Kasulatan na isinulat dito. Kung hindi tayo mapahaba nang husto, aking tutukuyin ang marami sa mga ito. Ang aking paksa ay: *Ang Mga Gawa Ay Pananampalatayang Nahayag*. Ngayon, tandaan: *Ang Mga Gawa Ay Pananampalatayang Nahayag*. Ang mga gawa ay nagpapakitang lumakip na ang pananampalataya,

kita n'yo. Kita n'yo? Ngayon, pinili natin ito dahil tayo... naniniwala akong ito'y makatutulong sa atin para makaunawa. Ngayon makinig nang maigi, at talakayin natin ito tulad ng isang aralin ng Panlinggong Pag-aaral.

<sup>79</sup> Inihahayag dito ni Santiago sa kaniyang pagtuturo, buhat sa Genesis 22:1-9, kung ano ang nakita ng *tao* kay Abraham.

<sup>80</sup> Balikan nga natin, may mga Kasulatan akong ginuhitan dito. Sa Genesis, sa ika-22 kabanata, at mula sa una hanggang sa ika-9 na talata.

*At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Abram. . . Abraham: at sinabi niya, Narito ako.*

*At kaniyang sinabi, Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal, at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya. . . na handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo.*

Kita n'yo, ni hindi Niya sinabi sa kaniya kung alin sa mga iyon doon. Basta sumunod ka lang kapag nangusap ang Dios, magpatuloy ka lang. Kita n'yo?

*At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda ang kaniyang asno, at ipinagsama ang dalawa sa kaniyang alila, at si Isaac na kaniyang anak, at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon, at naparoon sa dako. . . na sinabi sa kaniya ng Dios na. . . sinabi sa kaniya.*

*At nang ikatlong araw ay itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at natanaw niya ang dakong yaon sa malayo.*

*At sinabi ni Abraham sa kaniyang mga alila, maghintay kayo rito sangpu ng asno, at ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at pagbabalikan namin kayo.*

<sup>81</sup> Ngayon, alam na niya sa kaniyang isipan ngayon, aahon siya roon para patayin ang kaniyang anak, pagkat sinabi iyon ng Dios sa kaniya. Datapuwa't pansinin ang Kasulatan dito.

*. . . ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at pagbabalikan namin kayo. (Siya at ang bata)*

*At kinuha ni Abraham ang kahoy at ng handog na susunugin, at ipinagan kay Isaac na kaniyang anak; at dinala sa kaniyang kamay ang apoy at ang sundang; at sila'y kapuwa yumaon. . . na magkasama.*

*At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako,*

*anak ko. At sinabi, Narito ang apoy at ang kahoy: nguni't nasaan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin?*

*At sinabi ni Abraham, Dios ang maghahanda ng korderong pinaka handog na susunugin, anak ko: anupa't sila'y kapuwa yumaong magkasama.*

*At sila'y dumating sa dako . . . na sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian ang kaniyang anak . . . si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy.*

*At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak.*

*At tinawag siya ng anghel ng PANGINOON mula sa langit, at sinabi, Abraham, Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako.*

*At sa kaniya'y sinabi, Huwag buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi ang iyong anak, ang iyong . . . sa akin . . . ang iyong bugtong na anak. (Napakadakilang gawa!)*

<sup>82</sup> Ngayon, nasusumpungan natin dito na inaaring-ganap ni Santiago si Abraham sa pamamagitan ng kaniyang *mga gawa*.

<sup>83</sup> Subali't ngayon, kay Pablo, sa Mga Taga Roma, ang Aklat ng Mga Taga Roma, sa ika-8 . . . sa ika-4 na kabanata, 4:1 hanggang 8. Hindi ko ito babasahing lahat, kundi magbabasa lamang ng bahagi nito.

*At ano nga ang ating sasabihin, na nasumpungan ni Abraham na ating magulang, ayon sa laman?*

*Sapagka't kung si Abraham ay inaring-ganap . . . (Natatandaan n'yo, tinalakay natin ang salitang 'yan kagabi, "inaring-ganap") . . . sa pamamagitan ng mga gawa, ay mayroon sana siyang ipagmamapuri; datapuwa't hindi sa Dios.*

*Sapagka't ano ang sinasabi ng kasulatan? At sumampalataya si Abraham sa Dios, at sa kaniya'y ibinilang na katuwiran.*

*At sa kaniya na gumagawa'y, hindi ibinibilang na biyaya ang ganti, kundi utang.*

<sup>84</sup> Ngayon-ngayon ang tinutukoy ni Pablo rito, ay kung ano ang nakita ng Dios kay Abraham.

<sup>85</sup> Ngayon tayo'y . . . kung kayo . . . kung ito'y hindi kalabisan, balikan nating muli ang Genesis, sa ika-15 kabanata, at sa ika-

6 na talata; 15:6, sa palagay ko'y tama ito. Ating sisimulan sa ika-5.

*At siya'y inilabas at sinabi, Tumingala ka ngayon sa mga langit, at iyong bilangin ang mga bituin, kung mabibilang mo: at sa kaniya'y sinabi, Magiging ganiyan ang iyong binhi.*

*At sumampalataya siya sa PANGINOON; at ito'y ibinilang na katuwiran sa kaniya.*

<sup>86</sup> Ngayon ang dalawang lalaking nangusap tungkol sa pananampalataya: inaring-ganap ni Pablo si Abraham sa pamamagitan ng kung ano ang nakita ng *Dios* kay Abraham; datapuwa't inaring-ganap ni Santiago si Abraham sa pamamagitan ng kung ano ang nakita ng *tao* kay-kay Abraham.

<sup>87</sup> Kita n'yo, ngayon, sabi ni Santiago, "Siya'y inaring-ganap sa pamamagitan ng kaniyang mga gawa."

<sup>88</sup> Ang sabi ni Pablo, "Siya'y inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya."

<sup>89</sup> Datapuwa't tingnan, si Abraham ay sumampalataya sa Dios, iyan ang nakita ng *Dios* sa kaniya; sinampalatayan niya Iyon. Subali't pagkatapos nang magsimula siyang kumilos na tila ba nangyari na iyon, iyan ang nakita ng *tao* sa kaniya.

<sup>90</sup> At ganoon din naman ito sa atin, sapagka't inihahayag ng ating mga gawa kung ano'ng pananampalataya ang meron tayo. Subali't kung natatakot tayong kumilos sa kung ano ang sinasampalatayanan natin, kung gayon hindi natin sinasampalatayanan Ito. Kita n'yo, kailangan n'yong sampalatayanan Ito.

<sup>91</sup> Ang mga gawa ni Abraham ay nagpapahayag ng kaniyang pananampalatayang taglay niya sa pangako ng Dios. Ngayon, si Abraham, alalahanin, siya noon ay siyamnapung taong gulang. . . isang daang taong gulang, at si Sarah ay siyamnapung taong gulang. At ngayon sila'y lipas na sa panahon, lampas na sa panahon ng panganganak, lampas na ng marami, maraming taon. At nagsama na sila bilang mag-asawa buhat pa nang kanilang kabataan, at hindi nagkaroon ng mga anak. Nguni't ganoon pa man, sinabi ng Dios sa kaniya nang siya'y pitumpu't limang taong gulang, at si Sarah ay animnapu't lima, "Kayo'y magkakaroon ng sanggol." At kaniyang sinampalatayanan ang pangako ng Dios. Sinampalatayanan niya Ito. Ngayon, kita n'yo, kaniyang inihanda ang lahat para sa sanggol na ito. Kita n'yo, iyan ang nakita ng *Dios*, nang sumampalataya siya sa Dios; at nakita ng *tao* kung ano ang ginawa niya para ihayag kung ano ang sinampalatayanan niya. (At ganiyan ding bagay ang gumagawa sa gabing ito, gayundin naman ito sa atin.) Ito'y nahayag na sa kaniya. Kita n'yo, nahayag na ito sa kaniya, kaya't sinampalatayanan niyang ganoon nga, at kumilos na tila ba nangyari na ito.

<sup>92</sup> Ngayon, tumigil lamang tayo riyon, sandali lamang. Kung minsan iba ang ating pakahulugan Nito. Ang mga tao ay nagkaka-emosyon, at sinisikap nilang gumawa batay sa emosyon. Hindi iyon uubra.

<sup>93</sup> Ngayon, ako'y parang si Kapatid na Gerholtzer dito, kami'y-kami'y matatanda na, naranasan na namin ang . . . ito sa matagal nang panahon, at nakita na namin ang maganda at hindi maganda, at-at lahat na. At nananalangin para sa maysakit, sa buong mundo, at nasaksihan ang-ang mga kabiguan ng mga tao, at nasaksihan ang-ang mga "Aleluya" sa lahat ng panig. Sa panahong iyon, lahat ng mga ito, kami'y natuto sa pamamagitan nito. Ngayon, nang kabataan pa, at nagsimula kaming mangaral nito, Kapatid na Gerholtzer, parang nagsimula tayong lumangoy. Ang unang bagay, alam n'yo, dati noon ako'y lumalabas, at ako'y . . . Si Kapatid na Jack, nagpapasama ako kay Kapatid na Brown sa paglalakad sa lansangan, gabi-gabi, para magkaroon ako ng kamalayan sa sarili ko. Ako'y tumatayo roon, parang isang batang paslit, binubulabog ang tubig, nakakakita ng mga pangitain, alam n'yo. At ako'y mananatili lamang doon hanggang si Kapatid na Brown . . .

<sup>94</sup> Natatandaan ko isang gabi, hinding-hindi ko iyon malilimot, doon sa San Jose o kung saan. Siya'y dumating para gisingin ako, ako'y walang tulog ng mga ilang araw at hindi ko namalayang nakikipag-usap ako sa lalaking iyon, nguni't sabi niya na sinabi ko raw sa kaniya. Nagsimulang umiyak, sabi, "Ako'y uuwi na." Kita n'yo?

<sup>95</sup> "Aba'y," sabi niya, "hindi ka maaring umuwi. May idinadaos na gawain doon."

<sup>96</sup> Sinabi ko, "Aba'y, ako'y handa na sa ilang sandali para umuwi." Kita n'yo, talagang wala, wala sa aking sarili, halos. Kita n'yo, bata pa ako noon.

<sup>97</sup> Parang ika'y nag-aaral lumangoy, alam n'yo na, binubulabog mo ang tubig at tatawid sa kabila ng pool, at "huhhh, huhhh, huhhh, nagawa ko rin!" Ngayon, matapos kang matutong lumangoy, naging mas banayad na ang kampanya, at ito'y hindi "ka na napapagod" gaano. Kita n'yo, ganoon iyon, natutunan mong gawin 'yun kung papaano; at nagagawa na nang agaran at lalong napapabuti, at lalong naging madali iyon. Kita n'yo?

<sup>98</sup> Ang isang maliit na bata na hindi pa naglakad, ay susubukang maglakad sa pasilyong ito rito, isang dosenang ulit siyang madadapa at "mapapagod nang husto" bago siya makarating diyana. Subali't ang sinomang marunong lumakad, isang atleta, maglalakad sa pasilyong iyan at ni hindi namamalayang ginagawa iyon. Buweno, siya ay magsimula sa ganoon, ganiyan na siya ngayon.

<sup>99</sup> Buweno, ganiyan din sa pangangaral ng Banal na pagpapagaling o alinman. Habang nagpapatuloy ka, unti-unti kang natututo. Kung hindi ka natututo, may bagay na mali. Kita n'yo, kailangang matuto ka, at kailangang matutunan mo kung paano tanggapin ang Dios at kung ano ang totoong kahulugan nito.

<sup>100</sup> Ating ipinahihintulot ito, kung minsan ay sasabihing, “Aba’y, ang lalaking ito ay walang sapat na pananampalataya, hindi ginawa ng lalaking ito ang *ganito* at *ganito*.” May dahilan diyan para sa ganiyan, may dahilan. Kung minsan ito’y kasalanang hindi naipahayag. Maaaring buhusan mo ng isang galong langis ang isang tao, at magsisigaw hanggang sa mamaos ka, ito’y hindi makatitinag sa diablóng iyon. Hindi po, ginoo! Kailangang ipagtapat mo iyan. Ganiyan ang ginagawa ng pagkilala, sasabihin, “Humayo ituwid iyan, ipahayag mo iyan.”

<sup>101</sup> Nguni’t napakabagal na gawin ’yan, nakita n’yo. At pagkatapos-pagkatapos ang iba sa kanila’y hindi na makapaghintay, at sinasabi nila, “Ah, hindi ako naipanalangin.” Nguni’t nais nating makasumpong ng paraan ngayon, na . . . ano ang nangyayari, ang totoong saligan ng Banal na pagpapagaling.

<sup>102</sup> Ngayon, ang isang kaloob, kagaya ng sinabi ko kagabi, “Ang isang kaloob ay napakaganda, subali’t hindi mo maaring isalig ang iyong Walang hanggang destinasyon sa mga kaloob.” Hindi ka maaaring magpakalalim sa mababaw, at ang isang-isang kaloob ay mababaw. At magagawang gayahin ni Satanas ang anumang taglay na kaloob ng Dios, magagawa niya ang isang bagay na kaparehong-pareho nito, kita n’yo, eksakto. Kung kaya nga, kailangan nating bantayan iyan.

<sup>103</sup> Tulad kung minsan nagpapahayag ako tungkol sa pagsigaw; ako nakakita na ng mga demonyong sumisigaw, kita n’yo. Nagsasalita ng iba’t-ibang wika, nakasaksi na ako ang mga demonyong nagsasalita ng iba’t ibang mga wika. Oo, kaniyang ginagaya Ito. Hindi iyon tunay, kundi ginagaya niya Ito, nakita n’yo, ginagawa itong parang tunay. At ang mga tao kung minsan, na di alam ang kaibahan, ipinahahayag *itong* “tunay” samantalang hindi naman ito tunay.

<sup>104</sup> At gayundin ang ginagawa nila tungkol sa Banal na pagpapagaling. Iniisip nila, “Buweno, ito’y isang hokus-pokus, o isang bagay tulad niyan.” Hindi ito ganoon. Ito’y isang tunay, dalisay na pananampalataya sa kung ano ang sinabi ng Dios na Katotohanan. At iyon ay umaangkla! At kapag iyon ay umangkla na, wala nang makatitinag nito. Ito’y mananatili roon. At samakatuwid, nagagawa nang agaran, . . .

<sup>105</sup> Ngayon, ang *pananampalataya* ay isang “kapahayagan mula sa Dios.” Ngayon, ang pananampalataya ay isang kapahayagan. Diyan ko gustong manatili, diyan, sandali lamang. Ito’y isang kapahayagan. Kaniyang inihayag ito sa iyo sa pamamagitan



ng Kaniyang biyaya. Hindi ito bagay na ginawa mo. Hindi ka gumawa sa sarili mo para magkaroon ng pananampalataya. Meron ka mang pananampalataya, ipinagkaloob ito sa iyo sa biyaya ng Dios. At inihahayag ito ng Dios sa iyo, samakatuwid ang pananampalataya ay isang kapahayagan. At ang buong Iglesia ng Dios ay itinayo sa kapahayagan.

<sup>106</sup> Isang ministrong Baptist ang nagsabi sa akin, hindi pa katagalan, sabi niya, “Aking sadyang hindi matanggap ang kapahayagan.”

<sup>107</sup> Sabi ko, “Kung ganoon hindi mo matanggap ang Biblia. Hindi mo matanggap si Cristo, sapagka’t Siya ang Kapahayagan ng Dios. Siya’y Dios na nahayag sa laman.” Samakatuwid, ang buong Iglesia ay itinayo sa Makalangit na kapahayagan.

<sup>108</sup> Sinabi ni Jesus kay (sa paniwala ko’y kay Pedro) . . .sabi, sinabi Niya, “Ano ba ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?”

<sup>109</sup> Nakikipag-usap Siya sa Kaniyang mga alagad. “At sabi ng ilan Ika’y si ‘Elias,’ at si ‘Moises,’ o ‘Isa sa mga propeta,’ at si ‘Jeremias.’”

<sup>110</sup> Sabi Niya, “Datapuwa’t ano ang masasabi n’yo?”

<sup>111</sup> Sabi niya, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay.”

<sup>112</sup> Ngayon, sinasabi ng simbahang Romano Katoliko, “Siya’y nakikipag-usap kay Pedro, ‘Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia.’”

<sup>113</sup> Sabi naman ng mga Protestante, “Itinatayo Niya Ito sa Kaniyang sarili.”

<sup>114</sup> Ngayon, maaring tama sila. Nguni’t, para sa akin, kapuwa silang mali. Ito’y sa ibabaw ng espirituwal na kapahayagan kung sino Siya. “Hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo, Pedro. Kundi ng Aking Ama, na nasa Langit, ang naghayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito,” ang kapahayagan kung sino Siya; sa ibabaw ng kapahayagan: Siya ang Salita, at ang buong . . . “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi magsisipanaig laban sa Kaniya.” Ipinakita nito na ang mga pintuan ng hades ay magiging laban sa Kaniya.

<sup>115</sup> Si Abel, sa pamamagitan ng pananampalataya, kapahayagan, (walang Bibliang nakasulat sa mga panahong iyon), sa pamamagitan . . .si Abel, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kaysa kay Cain. Na pinatotohanan ng Dios, “Siya’y matuwid.” Paano? Sa pamamagitan ng pananampalataya. Paano? Sa pamamagitan ng kapahayagan! Sa pamamagitan ng kapahayagan, si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain, sapagka’t naihayag sa kaniya na ito’y hindi mga bunga sa parang, ito ay ang dugo.

116 Kaya't may ilang tao na kayang sampalatayanan Ito, at may ilan na hindi kayang sampalatayanan Ito, ang ilan ay pinipilit na kunwari'y sinasampalatayanan Ito.

117 Sa isang lupon ng tagapakinig, kung saan isinasagawa ang hanay ng pananalangin, makikita mo ang ilan...at silang lahat ay mabubuting tao, sabihin na natin. May mga ilan na talagang pinipilit na sampalatayanan Ito, sinisikap nila sa kanilang sarili na magawa Ito. May ilan namang hindi talaga kayang gawin iyon. At ang iba, ay sa pamamagitan lamang ng biyaya, sadyang ipinagkaloob iyon sa kanila. Ngayon, hayan ang pagkakaiba. Kita n'yo? Iyan ang gumagawa nito. Iyan ang tunay na kapahayagan, sapagka't ang pananampalataya ay isang kapahayagan mula sa Dios. Ito'y kailangang maipahayag muna.

118 Si Jesus malinaw itong ipinahayag nang sinabi Niya, "Walang makalalapit sa Akin malibang dalhin muna siya ng Aking Ama, o ipahayag muna Ako sa kaniya." Dapat n'yong basahin iyan. Ito'y sa San Santiago...o San Juan 6:44 at hanggang 46. Hindi nila alam kung sino Siya. Akala nila Siya'y pangkaraniwang lalaki lamang. Akala nila Siya ay isa lamang, gaya ng akala ng mga tao ngayon, kung sinong propeta. Siya ay isang Propeta, Siya ay isang pangkaraniwang tao, subali't mayroon pang higit doon.

119 Katulad kagabi, nangungusap...Kapag nakakuha kayo 'nung aklat, kayo'y makakakita ng marahil kaunting kalituhan doon tungkol sa sinabi ko, "Ang dalawang aklat ng Buhay." Ito'y iisang Aklat, subali't ang isa sa kanila ay sa natural mong kapanganakan, at ang isa naman ay sa espirituwal mong kapanganakan. Ang isa ay tumutuloy roon sa isa pa, gaya ng tangkay ng trigo. Buweno, ngayon, inyong sinasabing ako, sinasabi n'yong ako'y isang buhay na tao. Subali't may bahagi rito sa akin, ay ang taong 'yun, na kailangang mamatay. Iyon ang Aklat na kung saan nabubura ang pangalan. Nguni't yaong Walang hanggan, yaong Itinalaga, yaong Hinirang, ang pangalan ay hindi kailanman mabubura diyan sapagka't ito'y laging nang nakalagay Rito. Hinding-hindi ito maaalis. Mapapansin n'yo iyon sa aklat, para hindi na kayo malito. Inyo itong makikita sa ganoong ayos. Dahil, sa palagay ko, si Kapatid na Vayle, na nag-ayos sa tamang gramatika rito, ipinaalala ito sa akin kanina. Sabi ko, "Tama iyan."

120 Ang mga Baptist ay naniniwalang may dalawang magkahiwalay na aklat. Sa isang banda ito'y dalawang magkahiwalay na aklat, at sa kabilang banda hindi ito dalawang magkahiwalay na aklat. Ako'y dalawang magkahiwalay na tao...Ako'y katawan, kaluluwa at espiritu, tatlong magkakahiwalay na tao, nguni't ako'y...iisa lamang akong nilalang.

<sup>121</sup> May isa lamang tunay na Aklat ng Buhay. Gaya ng may iisang punlang binhi ng-ng trigo na umusbong mula sa tangkay, at tumungo sa uhay, at tumungo sa talukap, at tumuloy sa trigo; tuluy-tuloy roon, sasabihin mo, “Ngayon, iyon ay isang trigo na naroon doon.” Hindi iyon ang trigo, ’yun ang tangkay, subali’t pag pinagsama ito’y ang trigo. Kita n’yo, ito’y trigo dahil iisang tangkay iyon, subali’t ang trigo ay ‘yun kung ano ang tinutukoy mo, ’yung butil na nasa sa dulo nito. Ang mga iba pa ay tagadala, iyon ay kailangang mamatay. At iyon ’yung isang-isang banda na para bang maaaring mabura ang iyong pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero, at sa isang banda naman ay hindi mo iyon mabubura. Kaya’t, diyan ay kung nasaan ito naroon. Itong lahat ay nakapaloob sa dakilang kapahayagan diyan, na naihayag sa panahon ng Pitong Tatak. Bakit nga ba, kung paanong hindi kayang paniwalaan ng ibang tao Ito?

<sup>122</sup> Sinabi ni Jesus na “Walang makalalapit sa Akin malibang dalhin muna siya ng Aking Ama. At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay magsisilapit sa Akin.” Walang sinomang makauunawa sa kung sino Siya, o kung paano Ito, malibang ipahayag ito sa iyo sa pamamagitan ng kapahayagan ng Dios. At pagkatapos sa pagsampalataya riyon, aayon ang kilos mo. Kita n’yo? Dito malinaw nating nakikita na ang Dios ay nahayag kay Jesus, at ’yun lamang mga itinalaga para makakita rito, ang makakikita nito. Tiyakin na mabasa n’yo ang kasulatang ito, nilampasan ko iyon kanina, yaong San Juan 6:44 hanggang 46. Aking nilampasan iyon sapagka’t iniisip ko na marahil tayo ay magkaroon. . . marahil ay hindi sapat ang oras para talakayin, dahil ang orasang ’yon sa itaas ay patuloy na umiikot.

<sup>123</sup> At kung kaya’t tayo. . . Inyong mapansin, “Walang sinomang tao, walang taong makalalapit libang dalhin muna siya ng Aking Ama. At lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin, sila’y magsisilapit.” Kanila Itong makikilala. Wala nang iba pang taong makagagawa nito, wala nang ibang persona, gaano man kabuti, sino ka man, Ito’y kailangang mahayag sa iyo. Pagkatapos ay makikita mo kung sino nga si Jesus Cristo.

<sup>124</sup> Ngayon, dito, ang itinalagang plano ay malinaw na natatanaw. Tulad ng ibang binhi, ang Salita ng Dios ay isang Binhi at dapat ay may nakahanda munang lupa. Kung ikaw ay naghasik ng binhi, at basta na lang isinaboy iyon sa lupa, ito’y walang silbi, ang mga ibon ay tutukain ito. Isaboy mo ito sa mga dawagan at mga tinik, sasakalin nito iyon di-katagalan. Sinabi sa talinghaga ni Jesus na ganoon nga. Kaya’t ang lupa ay dapat na maihanda muna. Kaya’t, ang Dios, sa kataas-taasang biyaya, ay inihahanda muna ang puso. Kaniyang inihanda ka bago pa itatag ang sanlibutan, upang tanggapin Siya sa kapanahunang ito. Kilala ka na Niya sa pamamagitan ng kaniyang paunang kaalaman, at itinalaga ka sa Buhay na Walang hanggan. Kilala ka na Niya, samakatuwid ikaw ay hinanda na Niya.

<sup>125</sup> Iyan ang dahilan na ikaw ay nag-alinlangan mula sa mga bagay na ito, at nag-atubili sa kung ano ang meron ka ngayon. Ang Dios iyon na umaakay sa iyo tungo sa dakong pinagtalagahan sa iyo. Ito . . . o kung-kung-kung hindi pa naihanda ang lupang ito, hindi ito makakatubo. Iyan ang dahilan, ang binhi ng pananampalataya, kapag nangangaral ka ng pananampalataya, nakikita ang mga pagkilala ng Panginoon, at nakikita kung ano ang nangyayari, at lahat ng mga kaloob sa Biblia ay gumagana. Ang mga tao'y nagsisikap sa kanilang sarili, "Oh, aleluya, sinasampalatayan ko Ito," at sa kalalabasan, at masusumpungan ang kanilang sarili na bigo. Kita n'yo, ang lupa ay kailangang naitalaga muna. At alam mo kapag Ito'y tinamaan ito.

<sup>126</sup> Tulad ng aking munting agila, kagabi. Alam niya nang marinig niya ang sigaw na iyon ng inang agila, "ang layo ng kaibahan niyon at sa pagputak ng inahing manok." Kita n'yo, sapagka't siya'y isang agila na buhat pa sa pagiging itlog. Hindi . . . hindi siya naging agila lamang sa pagkakataong iyon, siya ay isa nang agila simula't sapul pa. At ang isang Cristiano'y ganoon na simula't sapul! Iyan ang dahilan, diborsiyo, nang nakipagdiborsiyo ka, sapagka't nabitag ka rito, kita n'yo, sa pamamagitan ng iyong unang magulang, sina Adan at Eba. Ikaw ay naging isang likas na makasalanan. Hindi mo 'yon ginusto, subali't narinig mo ngayon ang Ebanghelyo, at ang "pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig," ang kapahayagan ay dumarating sa pamamagitan ng pakikinig. May isang munting bagay sa loob mo.

<sup>127</sup> Ang ibang tao nakaupo sa tabi mo, magsasabi, "Ah, hindi ko pinaniniwalaan ang ganiyang bagay. Walang kabuluhan! Hindi ako naniniwala ryan. Wala 'yan!"

<sup>128</sup> Katulad ng ginawa nila noong Araw ng Pentecostes, sila'y nagtawanan at nagsabi, "Ang mga taong ito'y lasing sa bagong alak." Batid nilang iyon ay . . . Ito'y isang dakilang bagay para sa kanilang nakaranas niyon. Bakit? Ang Dios iyon na inihahayag ang Kaniyang sarili sa bawa't isa. Samantalang nagtatawanan ang iba, sila naman ay nagbubunyi. Isa iyong kapahayagan sa bawa't isa, na siyang pananampalataya; pananampalataya na inihayag. Kung hindi iyon pananampalataya, kung gayon wala man lang iyon doon. Iyon ay pananampalataya.

<sup>129</sup> Mga binhi lamang na kailangang may lupa na maihanda muna. "Samakatuwid, lahat ng mga nang una pa'y Kaniyang nakilala, Kaniyang tinawag. Lahat na Kaniyang tinawag . . . Lahat ng mga nang una pa'y Kaniyang nakilala, ay Kaniyang itinalaga." Kung ibig n'yong basahin iyan, Mga taga Roma 8:28-34, at gayundin sa Mga taga Efeso 1:1-5. Kita n'yo, lahat ng mga nang una pa'y Kaniyang nakilala, Kaniya ngang tinawag. Lahat na Kaniyang tinawag, ay inaring-ganap Niya. At lahat na Kaniyang inaring-ganap, ay niluwalhati na Niya. Walang bagay

na wala sa kaayusan. Iniisip nating meron, nguni't tingnan sa mga Kasulatan. Ito'y sadyang tumutugma sa kaparaanan na ang Salita ng Dios ay sinabi ito'y maging ganoon. Nakikita nating ang Mensahe ay tinanggihan, sa araw na ito. Hindi ba't 'yan ang sinabi ng Kasulatan na gagawin nila? Oo, lahat ng mga bagay na ito ay itinalaga ng Dios.

<sup>130</sup> Oh, dahil Dito ay dapat kayong lumakad na nagagalak. Iyan ang problema sa atin sa araw na ito, napakalaking kaibahan sa mga sinaunang Cristiano. Nang ang tunay, totoong kapahayagan ni Jesus Cristo bilang Emmanuel ay nanahan sa mga puso ng mga taong iyon, sila'y mga matatag na tao. Subali't ngayon tayo'y tinatapik ng mga denominasyon, sa pamamagitan ng, "Oh, sasabihin ko sa iyo, hindi nila nakuha ang Kapahayagan. Halika na rito." Ikaw ay nakasandal sa *kanilang* kapahayagan. Kung ang kapahayagan nila ay hindi ayon sa Salita ng Dios, kung gayon ito'y mali; sa akin man o sa kanino mang iba, diyan ang nagkakaroon ng pagtutuos. Ang Salita ng Dios ang nagsasabi kung alin ang tama at mali!

<sup>131</sup> Anumang binhi ay dapat na may lupang pagtatamnan, siyempre pa. "Samakatuwid, lahat ng mga nang una pa'y Kaniyang nakilala. . ." Kita n'yo, alam na Niya kung ano ang magaganap. Pansinin, muling sinabi ni Jesus, tungkol sa Binhi, "Ang iba'y nangahulog sa batuhan, ang iba naman ay sa iba't-ibang lupa." Kita n'yo, doon sa kung saan may mga tinik, mga dawag, at lahat na, hindi Ito maaaring tumubo. At ang iba nama'y sa mabuting lupa, mabuting lupa, matabang lupa, na naihanda na, nakahanda na.

<sup>132</sup> Lahat ng mga tao'y nasa labas rito, siya'y parang isang manok, siya'y naghahanap, nagsisikap makasumpong. Tutuka siya *rito*, at tutuka siya *roon*, subali't makaraan ang ilang panahon may isang Tinig na biglang narinig mula sa Langit. Nakilala niya Iyon kaagad, "Iyon ang Salita ng Dios!" Kita n'yo, alam niya Iyon dahil may isang bagay sa kaniyang puso na sinabi sa kaniya, nagpahayag sa kaniya tungkol Dito.

<sup>133</sup> Pansinin, sabi ng propetang Isaias, "Isang birhen ang maglililihi." Talagang kakaibang salita iyon. Paanong ang isang—isang taong nasa kaniyang tamang katinuan ay makapagsasabi ng ganoon? Wala pa kailan man isang birhen na naglihi. "Isang birhen ang maglililihi!" Ngayon, hindi siya nag-alala patungkol sa pagsasabi Niyan, basta't sinabi lang niya Iyon. Paano gagawin iyon ng dalaga? Buweno, Hindi na niya trabaho iyon! Siya. . . Basta't sasabihin lang kung ano ang sinabi ng Dios na gagawin nito. Inihayag iyon ng Dios sa kaniya, ipinakita sa kaniya ang pangitain; inihayag iyon, at iyon ay tama.

<sup>134</sup> Ang siya ring Dios na nagsabi sa akin na ang munting sanggol ay ipagkakaloob sa lalaking iyon na hindi maaaring magkaroon ng anak, o magkaroon ng anak na babae. Kagaya

ng iba pa at mga bagay-bagay, kung papaanong ito'y para bang kakaiba samantalang sinasabi ng doktor, "Hindi iyon mangyayari!"

<sup>135</sup> Subali't kapag sinabi ng Dios, "Ito'y mangyayari," depende iyon sa kung anong salita ang dumating. Alalahanin, ang propeta'y tumayo roon at ang Kaniyang Salita ay lumabas.

<sup>136</sup> Kagaya ng Dios, sa Genesis 1, sabi Niya, "Magkaroon ng liwanag. Magkaroon ng *ganito*. Magkaroon ng *ganoon*." Nilalang ang tao ayon sa Kaniyang Sariling larawan, sa larawan ng Dios nilalang Niya sila, lalaki at babae, at wala pang anumang bagay sa ibabaw ng lupa. Pagkapos, nakita natin sa Genesis 2, dito, Kaniyang nilikha ang tao ayon sa Kaniyang Sariling larawan. Wala pang tao noon para magbungkal ng lupa, makaraang lalangan ang buong sangsinukob. Ano iyon? Ito'y ang Kaniyang mga Salita, Kaniyang sinasalita Iyon. At nang Siya'y nagsalita, sabi Niya, "Magkaroon ng Liwanag." Maaring wala pang liwanag sa loob ng walong daang taon matapos 'yun, marahil ay wala pang liwanag, nguni't sinabi Niya Iyon! At yamang sinabi Niya Iyon, "Magkaroon ng punong palma. Magkaroon ng puno na oak. Magkaroon ng *ganito*," ang mga binhing iyon ay nabubuo roon sa ilalim ng tubig. Tama iyan. At sa panahon, sa oras, sa panahon niyon, iyon ay lumitaw! Ito'y hindi maaring mabigo; ito'y Salita ng Dios. Ito'y sadyang hindi maaring mabigo, Ito'y nahayag na.

<sup>137</sup> Ngayon, isang araw, ang Dios ay nakipag-usap sa tao, nang mukhaan. Datapuwa't sa panahon ni Moises, nang ang apoy ay umuulan, sabi nila, "Hayaang ang Dios. . . Hayaang si Moises ang mangusap; huwag ang Dios, baka mamatay kami."

<sup>138</sup> Dahil doon, sinabi Niya, "Hindi na Ako mangungusap nang ganoon sa kanila. Ako'y magpapalitaw sa kanila ng isang propeta." Ganoon sa tuwina ang naging sistema ng Dios.

<sup>139</sup> Ngayon, narito ang isang propeta na nakatayo; ngayon, kinasihan siya; hindi niya inisip ang tungkol sa karunungan niya, "Ngayon, sandali lang. Kung sasabihin ko iyan, buweno, alam n'yo na, iisipin ng mga tao na ako'y baliw." Kita n'yo, iyan ang kaniyang karunungan; diyan pinakikinggan niya si Satanas, gaya ng ginawa ni Eba.

<sup>140</sup> At hangga't sinasabi ng doktor na "Hindi ka na mabubuhay. Hindi ka na gagaling. Hindi mo na maaring gawin ang *ganito* o *ganiyan*." Hangga't pinakikinggan mo iyan, ang Binhing iyon ay hindi maaaring mahulog sa ganoong uri ng lupa at gagawa ng anumang buti. Hindi ito maaari. Subali't kapag may isang bagay na mag-aalis ng lahat ng mga iyon, at Ito'y mahulog doon sa nabungkal ng lupa, walang anumang makapag-aalis Nito.

<sup>141</sup> Ngayon, kahit gaano pa katagal abutin, ito'y mangyayari. Ngayon, sabi Niya, "Isang birhen ang maglililihi." Alam n'yo bang ito'y walong daang taon bago iyon nangyari? Ang Dios

ay una pa'y kilala na ang babaing iyon, kung sino siya, kung ano ang pangalan niya, kung saan babagsak ang Binhing iyon. Naniniwala ba kayo riyan? Tiyak, alam Niya! At buhat sa literal na sinapupunan ay lilitaw ang dakilang himalang ito. Alam na ng Dios ang tungkol dito, Kaniya lamang inihayag 'yon sa Kaniyang propeta na matapat at ipinangungusap ang Salita. Ni hindi man lang niya inisip kung ano Iyon, basta't sinabi lang niya Iyon. Hindi na niya tinangkang ipaliwanag Iyon.

<sup>142</sup> Kung tatangkain mong mangatuwiran . . . ano kaya kung ang lalaking ito, ang babaing ito, o ang lalaking nakaupo rito, o isang tao tatangkang mangatuwiran, "Ngayon, Ako'y lumpo na nitong maraming taon. Sinasabi ng doktor, 'Wala nang posibleng pag-asa pa'?" Buweno, marahil ay wala na nga sa abot ng kaniyang kaalaman, at totoo iyon.

<sup>143</sup> Datapuwa't kung may makabubunot sa mga damong iyon, kung ang Dios sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya; hindi ng mangangaral, hindi ng iba pa. Nguni't ang Dios ay makapaglalagay sa puso mo ng isang kapahayagan, na, "Ako'y gagaling," walang anumang bagay na makapananatili sa iyo riyan. Walang anumang makapipigil sa iyo riyan, ika'y gagaling! Subali't hangga't hindi mangyari iyon, ika'y mananatili mismo sa sinabi ng doktor na kalalagayan; hanggang sa maganap iyon. Ito'y kailangang maihayag. Ang biyaya ng Dios ang naghahayag nito.

<sup>144</sup> Ngayon, pansinin, kilala ng Dios ang babaing daratnan Nito. Pansinin si Isaias, walang pag-aalinlangan. Hindi sinabi ni Isaias, "Sandali lang po, Panginoon! Hayaang . . . sandali lang po! Ano po'ng sinabi Mo sa akin, 'Maglilihi ang isang birhen'?" Buweno, ngayon, ngayon sandali po, Ama, wala—wala—wala pa pong ganiyang bagay na nangyari."

<sup>145</sup> Hindi siya nag-alinlangan, basta't sinabi niya, "Isang birhen ang maglilihi!" Tama.

<sup>146</sup> Pansinin si Maria: "Ngayon, ngayon Panginoon, sandali lang po. Alam Mo pong ako—ako'y hindi nakakakilala ng lalaki. Ito'y imposible! Wala pa pong nangyaring ganito kailan man! Ohhh, oh, hindi, wala pa pong nangyaring ganito kailan man. Papano po akong magkakaroon nitong sanggol? Hindi po ako nakakakilala ng lalaki, kaya't hindi po ito maaring mangyari! Uh, Anghel, nagkakamali lang po kayo. Guniguni ko lang ito. Alam 'nyo po, sinasabi ng aking simbahan, 'Ang mga araw na ito ay lipas na.'" Hindi! Ito'y hindi kailan man mahuhulog sa ganoong uri ng lugar. Hindi kailan man nag-alinlangan si Maria.

<sup>147</sup> Sabi niya, "Paanong mangyayari ito? Ako'y hindi nakakakilala ng lalaki."

<sup>148</sup> Sabi Niya, "Lililiman ka ng Banal na Espiritu. Ganiyan kung paano ito mangyayari."

149 Ang sabi niya, “Narito, ang alipin ng Panginoon!” Walang pag-aalinlangan!

150 Kita n’yo, si Isaias, nang ilabas ng Panginoon ang Salita sa pamamagitan ng kaisipan (kapahayagan) sa puso ni Isaias, nahulog Ito sa tamang lupa, ito’y isang propeta. Sa propetang iyon hindi mahalaga ang anumang karunungan ng tao. Sa kaniya hindi mahalaga ang anumang katalinuhan ng tao. Hindi mahalaga sa kaniya ang katauhan ng sinoman. Siya ay nakalaang daluyan para sa Dios, at nagsalita ang Dios at nagsalita rin siya. Iyon lang. Kung makakasakit man ito, o hindi man ito makakasakit; kung kabaliwan man ’yun sa pandinig, o hindi man ’yun kabaliwan sa pandinig; walang anumang kaibahan iyon sa kaniya. Ang Dios iyon, hindi ang tao.

151 At nang ang Salitang iyon ay lumabas, ngayon Iyon ay naging isang Binhi, kailangang mahulog Iyon saan man. Kung sinabi Iyon ng Dios, kailangang may naihandang sinapupunan kung saan Iyon mahuhulog. Gaya ng Kaniyang sinabi, “Ang lahat ng bagay ay posible para sa kanila na sumasampalataya. Kung sasabihin mo sa bundok na ito, ‘Lumipat ka,’ at hindi mag-aalinlangan sa iyong puso, makakamtan mo ang iyong sinabi.” Kita n’yo, may dako saan man na karapat-dapat!

152 Pansinin! Ngayon, nakita natin dito na ipinangusap Iyon ni Isaias.

153 Ang birheng si Maria, sa sandaling...Nabungkal na ang lupa. Siya’y isang ganap na birhen. Hindi siya naging “masamang babae.” Naihanda na ang lupa, o naitalaga na sa pamamagitan ng paunang kaalaman ng Dios.

154 Sabi pa nga, “Siya’y isang birhen.” Doon mismo’y alam ng Dios kung ano ang magiging pangalan niya. Ang pangalan niya ay nasa Aklat ng Buhay sa Langit.

155 Pagkatapos, Iyon ay naipagtibay. Ang tao pagkatapos (sa tao) ay nakita ang pagpapahayag Nito sa pamamagitan ng mga gawa, nang ito ay magawa na. Ngayon ating binabalikan at sinasabi, “Siyanga, naganap Iyon,” ’pagkat nakikita natin ang mga gawang naisakatuparan.

156 Ang mga gawa ni Noe ay inihayag sa mga tao, kung ano ang kaniyang pananampalataya sa pangako ng Dios. Ngayon, kinatagpo ng Dios si Noe, at sabi Niya, “Noe, uulan. Aking lilipulin ang buong lupa sa pamamagitan ng tubig.” Ngayon, hindi pa kailan man umulan noon, iyon ang kaimposiblehan. Buweno, ngayon, kinuha ni Noe. . .Sabi, “Gumawa ka ng isang daong ayon sa sukat na sasabihin Ko sa iyo.” At siya bilang isang karpintero, at siya’y gumawa na at nag-umpisang kunin ang kaniyang palakol, at lahat na upang pumutol ng mga tabla, at nilapatan iyon sa itaas doon ng mga kahoy na akasia, at pinahiran iyon ng sahing gaya lamang ng sinabi Niya. At



napag-iisip n'yo ba kung ano ang inisip ng mga tao tungkol sa lalaking iyon?

157 Ang sabi nila, “Ang taong ’yan ay talagang baliw, sapagka’t sinasabi niya, ‘Bubuhos ng tubig mula sa langit,’ at wala namang tubig sa taas doon.” Subali’t, nakita n’yo, hindi na pinag-isipan ni Noe ang tungkol doon. Ang kaniyang mga gawa ay ipinapahayag sa mga tao kung ano ang kaniyang pananampalataya at kung ano ang sinabi ng Dios na magaganap.

158 Iyan ang dahilan na ang tunay na Cristiano ay ibinubukod ang kaniyang sarili mula sa lahat ng bagay maliban sa Salita ng Dios, kahit ano pa ang isipin ng tao, anuman ang sasabihin ng iba. Siya’y ibinukod sapagka’t. . . Hindi lang niya basta sinasabi ’yon; kung siya man ay ganoon, hindi magtatagal hanggang sa makikilala ang kaniyang mga gawa. Siya’y babalik at liliko sa daang *ito*, at sasapi sa isang *ito* at sa isang *ito*. At magsimulang. . . Kaniyang-kaniyang ipakikita kung ano siya. Nguni’t kung siya’y tunay, kung ang Salita ng Dios ay nakatanim sa kaniya, kung ganoon mamumunga Ito ayon sa uri Nito, makikita mo ang taong iyon naghahanda para sa dakilang oras na iyon. Kita n’yo, ganiyan ang ginawa ni Noe.

159 Si Moises, hawak ang isang tungkod sa kaniyang kamay, ay dumating para kunin ang bayan mula kay Faraon. Ngayon, maiisip ba n’yo. . . Si Moises, sinabi ng Biblia na tinuruan siya ng lahat ng karunungan ng mga Egipcio. Siya’y matalino, magagawa niyang ituro ang kanilang intelektuwal na mga bagay. Siya’y tinuruan sa lahat ng kanilang kaalaman. Wala na siyang kailangan pang dapat idagdag sa kaniyang pinag-aralan. Ngayon, isipin na lang ang isang taong naroon sa ilang, taglay ang lahat nang pinag-aralang iyon, at pagkatapos nagpakita sa kaniya ang Dios at nagsabi, “Moises, dalhin mo ang tungkod na ito na nasa iyong kamay at pumaroon ka doon sa Egipto, at ilabas mo ang aking mga anak sa pamamagitan ng patpat na ito sa iyong kamay. Sadyang gapiin lahat sa pamamagitan ng patpat na ito.”

160 Ngayon, ano kaya kung sinabi ni Moises, “Ginoo, saglit lang po, akala ko ba’y nakikipag-usap ako sa Isang matalino, itong dakilang ‘AKO NGA’ na sinabi Mong Ikaw nga. Ngayon, papano pong mangyari na kailanma’y dala-dala ko itong munting, luma’t baluktot na tungkod na nasa aking kamay, at gagapiin ang milyon kataong hukbo, na armado ng mga sibat, mga mandirigma? At ako’y hindi isang mandirigma, ako’y isang pastol. Paano ko pong magagawa iyon?”

161 Walang nang pagtatanong! Bakit? Bakit? Ang lupa sa kaniyang puso! Siya ay isang itinalagang tao. “Ang mga kaloob at mga pagtawag ay hindi nagbabago.” Ang Dios ay nagsabi

kay Abraham na gagawin Niya iyon, at hayun ang lupang nakahanda.

<sup>162</sup> At si Moises ay kinuha ang tungkod na iyon at pumaroon at inilabas ang isang bansa mula sa isang bansa. Nang dumating siya taglay ang isang tungkod sa kaniyang kamay, at sinabi kay Faraon, “Palayain mo sila!” Nakita ni Faraon kay Moises ang mga gawa, na may pananampalataya siya sa kung ano ang gagawin niya, o sinisikap niyang gawin. May pananampalataya siya sa pangako ng Dios na nangako, pumaroon siya para angkinin iyon. Wala nang iba pang tao ang puwedeng gumawa ‘nun, at wala nang iba pang tao ang maaaring makagawa ‘nun, siya’y itinalaga upang gawin iyon. Ang Dios, noon pa man, ay sinabi na kay Abraham na talagang iyon nga ang mangyari. At nang papalapit na ang oras ng pangako, may isang batang lalaking isinilang, isang magandang sanggol. At ang mga magulang, sina Amram at Jochebed, ay hindi natakot sa utos ng hari. Kita n’yo, may isang bagay roon, ang lupa ay naihanda na.

<sup>163</sup> O Dios, ako’y umaasang nangungusap ako sa lupang nakahanda na, sa gabing ito! Kung ang Binhi ay mahuhulog sa tamang dako, at ito’y magiging isang- . . . Kung hindi, hindi iyon mangyayari.

<sup>164</sup> Ganong bagay din iyan. “Aba,” sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, parang inilalayo niyan ito sa amin.” Kung ganon nga, ay inilalayo niyan ito sa Cristianismo, rin. Kita n’yo, maari mong gayahin ang anumang bagay. Nguni’t kung ang . . . kung Ito talaga’y mahulog doon, ang Salita ng Dios ay mahulog doon sa tamang lupa, Ito’y magbubunga ng kauri Nito. Iyon nga’y dapat, dahil Iyon ay isang Binhi.

<sup>165</sup> Si Noe . . . si Moises, ang kaniyang mga gawa, ipinahayag sa pamamagitan ng pananampalataya sa pangako ng Dios na sinampalatayan niya. Si Faraon, ang tao, ay maaring makita kung ano noon. Hindi . . . hindi niya makita kung paano iyon gagawin ni Moises, datapuwa’t alam niyang si Moises ay sumampalataya sa kung ano ang sinasabi niya kundi hindi siya tatayo sa palasyo roon na may hawak na tungkod sa kamay niya. Sabi, “Sa pamamagitan ng tungkod na ito, aking ilalabas sila sa iyo.” Isang matandang lalaki, walumpung taong gulang, hindi isang atleta; isang matandang lalaki, hukot ang mga balikat, at mga balbas na nakalaylay hanggang sa kaniyang . . . marahil sa kaniyang baywang; puti ang buhok, kung mayroon man siya. At doon na hawak ang tungkod sa kaniyang kamay, nagsasabi, “‘Ilalabas ko sila, palayain mo ang mga tao,’ GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At kung hindi mo ito gagawin, ang Dios ay hahatulan ka.” Amen! Bakit? Iya’y . . . Kita n’yo, iyon . . . Natakot ba siya? Aba’y, isang palaso lang, isang sibat, iba pa mang bagay ay maaring tumapos na sana rito. Siya’y walang takot! Alam na alam niya kung saan siya nakatayo; sabi, “Sasaktan ka ng Dios, Faraon.” Opo, ginoo.

166 Dahil sinabi na ng Dios sa kaniya, “Muli kang babalik sa bundok na ito,” at alam niyang paroroon nga siya.

167 Aleluya! Alam din natin kung saan tayo paroroon, sa dulo ng paglalakbay na ito. Ang Dios ay nangako! May isang Lupain sa kabila ng ilog. Huwag matakot sa iyong patotoo. Amen. Kung ito’y nahayag sa iyo, ikaw ay walang takot. Hindi mahalaga sa iyo kung ang buong mundo... ano man ang sinasabi nila; ika’y walang takot. Kapag ito’y nahayag sa iyo, “Ito ang Katotohanang nagmumula sa Dios,” kung magkagayon ay ikaw ay maging wala nang takot. Kung hindi, hindi ka maaaring ganoon.

168 Si David, sa pamamagitan ng tirador ng pastol, ipinakilala sa buong hukbo ng Israelita, ang pananampalataya na taglay niya sa kanilang Dios. Ngayon, naroon si Goliath sa kabilang panig, at tumayo siya roon at nagmayabang. Ilang ulit na mas malaki kay David, may mga daliri siyang labing-apat na pulgada ang haba. At isa siyang malaking-malaki, napakalaking tao, ang Filisteong higante. At heto si David, ang isang pinakamaliit, siya nga’y napakaliit pa para tanggapin sa hukbo; isang napakaliit, hindi nila siya mapakinabangan. Kaya’t, ang kaniyang mga kapatid ay naroon sa hukbo. At, pagkatapos, nagyayabang si Goliath.

169 Datapuwa’t si David, ngayon tandaan, nahayag iyon kay David. Sa loob-loob niya, “Heto ang hukbo ng buhay na Dios, nakatayo sa sarili nilang lupain, at may nagyayabang na isang di-tuling Filisteo roon sa labas.” Tawagin natin siyang “kanser” sa gabing ito, tawagin natin siyang “paralytic.”

170 Aba, walang kalaban-laban si David sa kaniya, maging sa pamamagitan ng anumang sandata; hindi siya uubra. Ang mga balikat ng lalaking iyon ay marahil sampu, labindalawang piye ang lapad; siya marahil ay may tindig na labing-apat, labinlimang piye ang taas. May sibat na parang panghabi sa tulis, marahil ay dalampung piye ang haba, ang talim nito marahil ay apat na piye ang lapad.

171 At isang munting David na nakatayo roon na may hawak na maliit na kapisarang balat, balat ng kambing o balat ng tupa, na nakakabit ang dalawang tali rito. Subali’t *nahayag* iyon sa kaniya! Ang Kapahayagan ay tumama sa kaniya! Amen! Sabi niya, “Ang Dios na nagligtas sa akin sa mga kuko ng oso, na nagligtas sa akin sa mga kuko ng leon, gaano pa kaya Niyang lalong ibibigay ang di-tuli na Filisteong ’yan sa aking kamay!”

172 Ang mga kapatid niya, higit na may kakayahang gawin ito. Si Saul, na hanggang balikat lamang niya ang kaniyang hukbo. Subali’t, nakita n’yo, iyon ay hindi nahayag sa kanila. Amen. Hayun na nga: naniwala silang maisasagawa iyon, naniwala silang magagawa iyon ng Dios, subali’t hindi iyon nahayag sa kanila; kundi nahayag iyon kay David. Ngayon, hayun ang

kaibahan, doon mismo. Kung ito'y lubos na nahayag sa iyo na pagagalingin ka ng Dios, iyong—iyong makakamtan ito. [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] Makakamtan mo ito. Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sakit mo, ano ang mga balakid, mas malala pa iyan marahil kaysa kay David at Goliath. Subali't kung ito'y nahayag sa iyo!

<sup>173</sup> At pansinin, nang mahayag iyon, si David ay wala nang takot. Sabi niya, “Sa araw na ito ay tatagpasin ko ang ulo mo!” Amen. Iyon ang ating Dios. Sa pamamagitan ng biyaya, sa mapanganib na sandaling iyon kung kailan ang kapasiyahan ay kailangan maisagawa, ang Dios ding iyon na nagbigay ng biyaya nang araw na iyon, at naghasik ng binhi ng pananampalataya roon sa mukhang kubang batang lalaki, na talastas sa kaniyang puso; ang Dios ding iyon, sa mahalagang sandaling ito, ay magagawang kunin ang babaing iyan mula sa upuang de gulong; ang lalaking *iyon*; *itong* babaing narito; 'yung bata; ang . . . ? . . . Ang munting binhing iyon ng pananampalataya ay mahayag sa iyo, kung ganoon hindi mahalaga sa akin kung gaano iyon katagal.

<sup>174</sup> Ngayon pansinin ang higante, sa kabilang panig, ay hindi pinaniniwalaan iyon; hindi rin maging ng kanser. Natawa siya, sabi niya, “Isang aso ba ako? Isinugo n'yo ang paslit na 'yan dito para lumaban sa akin?” Sabi, “Kukunin kita, sa dulo ng aking sibat, at hahayaang kainin ng mga ibon ang iyong laman.” Aba, taglay niya ang lahat ng . . . lahat, ang lahat ay nasa kaniyang pabor.

<sup>175</sup> Nguni't, nakita n'yo, hindi man lang niyon natinag si David. Bakit? Iyon ay nahayag na sa kaniya. Siya ay may pananampalataya sa kaniyang ginagawa. Alam niyang magagawa niya iyon. At nagawa nga niya iyon, sa kadahilanang nahayag iyon sa kaniya at alam niya kung saan siya nakatayo.

<sup>176</sup> At kung ang Dios ay ipangungusap lamang iyan, sa kaibuturan mismo ng iyong puso sa gabing ito, sabi “Hindi ka na hihiga sa higaan na iyan. Hindi ka na uupo sa upuang iyan. Ika'y gagaling,” wala nang maaaring makapagbabago pa ng iyong kaisipan dito.

<sup>177</sup> Subali't hangga't hindi iyan mangyari, bawa't mangangaral sa mundo ay maaring ipanalangin, . . . hindi ko sinasabing hindi iyon makakatulong sa iyo; makatutulong iyon, iyon ay makapagpapasigla sa iyo. Nguni't hangga't ang pananampalatayang iyan. . . Kita n'yo, ang kapangyarihang nagpapagaling ay nasa iyo. Ito'y hindi galing sa mangangaral. Ito'y dumarating sa iyo sa pamamagitan ng kapahayagan, sa pananampalataya. “Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, ni sa kalakasan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu,” sabi ng Panginoon. “Ang Aking Espiritu, sa pamamagitan ng biyaya, ay inihahayag ito sa iyo.” At wala nang bagay na makaaagaw

nito. Sa pamamagitan ng pananampalataya, ng kapahayagan! Pagkatapos, para patunayan ni David ang mga gawa niya, . . .

<sup>178</sup> Ngayon, sabi ng ilan sa kanila, “Alam kong makulit ka.” Sabi ng kuya niya, “Nagpunta ka rito para manood ng digmaan. Ngayon, bumalik ka na roon kung saan silang mga tupa ay naroon.”

<sup>179</sup> Sabi niya, “Payagan n’yo akong makausap si Saul, ang heneral.” Nakita n’yo?

<sup>180</sup> At sabi ni Saul, “Ngayon, anak, aking hinahangaan ang tapang mo, nguni’t, nakita mo, ika’y batang-bata pa. At siya’y mandirigma na sapul pa nang kabataan niya, wala kang kalaban-laban sa kaniya.”

<sup>181</sup> Sabi niya, “Ako’y nagbabantay noon ng mga tupa ng aking ama, . . .” Kaniyang maibabatay iyon sa isang bagay! Amen. O kapatid! At ang Dios na nagligtas ng kaluluwa mo, hindi ba Niya kayang pagalingin ang katawan mo? Pareho lang iyon, ihayag sa iyo. Siya ang iyong Tagpagpagaling kung paanong Siya ang iyong Tagapagligtas. Kita n’yo? Subali’t kailangang mahayag muna ito, ’yan ang kaibahan. Mayroon siyang pinagbatayan ng kaniyang pananampalataya.

<sup>182</sup> Sabi, “Ngayon, hindi pa ito kailanman nangyari.”

<sup>183</sup> Subali’t sabi, “Ang siya ring Dios na nagligtas sa akin mula sa mga kuko ng leon, ang magliligtas sa akin mula sa di-tuling Filisteong iyan.”

“Paano mong nalaman, David?”

“Sinampalatayanan ko ito.”

“Bakit?”

“Ito’y nahayag na sa akin.” At sabi niya . . .

<sup>184</sup> Alam niya kung ano ang sinasabi niya. Dahil nang sabihin ng higante, “Ipakakain kita sa mga ibon”; sabi naman niya “Tatagpasin ko ang iyong ulo.” Hayun ang kaibahan, kita n’yo. At nagawa nga niya iyon!

<sup>185</sup> Si Samson, natiyempuhan isang araw (na hindi nakahanda) sa isang parang, at heto na sumugod sa kaniya ang isang libong Filisteo. At tumingin siya pababa sa lupa, at doon ay may namatay na asno, at dinampot niya ang lumang panga, buto sa panga, talagang tuyung-tuyo iyon, at hinarap niya ang mga Filisteong iyon, pinaghahalibas sila sa ulo sa pamamagitan niyaong tuyong panga ng asno, at sa abot ng nalalaman ko, wala ni isang ngiping nalagas mula rito. At ang mga helmet ng mga Filisteong iyon ay mga isang pulgada ang kapal (’pagkat noong araw sila ay naghahambalusan ng giyerang pamalo), para iwasan na mapukpok sila ng sino man sa ulo. Subali’t dinampot niya ang panga ng asnong iyon at pinabagsak ang isang libong Filisteo, at ang panga ay hindi man lang nabasag. Tuluy-tuloy

lang ang paghalibas niya sa kanila, nang *paganiyan*, habang sila'y sumusugod. Kaya't, ang iba sa kanila'y nagsipagtaguan sa mga batuhan, kita n'yo, nagsipagtakbuhan sila palayo sa kaniya. Bakit? Kaniyang sinampalatayanan ito! Kung minsan . . . Tiyak.

<sup>186</sup> Aking gustong sabihin sa inyo ang isang bagay ngayon. Pagyamanin ang pintig na iyan, ang bugso ng sandaling iyon, tulad ng ginawa ni Josue, tulad ni Maria Magdalena, lahat ng mga iyon. Sa sandali lamang na iyon na may inihayag sa iyo, panghawakan ito. Manghawakan dito, ang bugso ng sandaling iyon.

<sup>187</sup> Opo, iyon ay nahayag sa kaniya. Kaniyang sinalubong itong libong, mga Filisteo. Ngayon ano kaya sa palagay n'yo nang sabihin ng mga Filisteong iyon, "Ngayon, tingnan, galing doon, ang munting hipong iyon; mga apat at kalahating piye lang ang taas, kung tutuusin; na may pitong nakaterentas na buhok na nakalaylay sa likuran niya, tulad ng munting binabae ni nanay, kita n'yo; pumaroong hawak ang isang panga ng asno. At masdan tayo, kung gaano tayong napakalaking hukbo! Hindi ba iyan katawa-tawa?" Nguni't ano ba ang ginagawa niya? Kaniyang ipinakikita sa mga Filisteong iyon kung ano ang naihayag sa kaniya ng Dios. Kaniyang dinampot ang panga at sumugod, dahil iyon ang inilagay Niya sa kamay niya; Kaniyang inilagay iyon sa kamay niya, 'yun ang sinampalatayan niya: magagawa niya iyon! At sa paggawa niya ng ganoon, kaniyang naipapakita sa mga Filisteong iyon kung ano ang inilagay ng Dios sa kaniyang puso na gawin.

<sup>188</sup> Si Juan Bautista ay ipinahayag ang kaniyang pananampalataya sa pamamagitan ng mga gawa niya, at noong sabihin niyang "May Isang nakatayo sa inyong kalagitnaan ngayon." Pakaisipin lamang iyan. San Juan, nasa akin ang Kasulatan, San Juan 1:26, kita n'yo. Sinabi niya . . .

<sup>189</sup> Sabi nila, "Sabi mo, 'Ang Mesias ay darating'? Aba'y," sabi niya, "lalaki, ano ba ang nangyayari sa iyo? Aming inaabangan Siya sa loob na ng apat na libong taon."

<sup>190</sup> Sabi niya, "Siya'y nakatayo ngayon sa inyong kalagitnaan." Aleluya! Ganoon din Siya sa gabing ito! Uh-huh.

<sup>191</sup> Kaniyang ipinahayag ang pananampalataya niya sa pamamagitan ng kaniyang kapahayagan, dahil nahayag iyon sa kaniya na . . . alam niyang babautismuhan niya ang Mesias. Isa Siyang lalaking, tatlumpung taong gulang. Alam niyang kailangan naroon na Siya saan man; hindi pa niya kilala kung sino Siya, at naroon Siya na nakatayo mismo sa kanilang kalagitnaan. Sabi niya, "May Isang nakatayo sa inyong kalagitnaan ngayon, na inyong hindi pa kilala, at hindi ako karapat-dapat magkalas ng panali ng Kaniyang panyapak, nguni't babautismuhan Niya kayo ng Banal na Espiritu. At nariyan Siya sa inyong kalagitnaan ngayon." Ipinahayag niya

iyon, ang pananampalataya niya, dahil alam niya, sa kaniyang panahon, kaniyang makikita at babautismuhan ang Mesias ng Dios. Kaya't, kita n'yo, ang mga tao ay makikita ang pagpapahayag sa kaniya, sa paraan ng kaniyang pangangaral at sa paraan na kaniyang ikinikilos, ay nagpapahayag na taglay niya ang totoong kapahayagan buhat sa Dios.

<sup>192</sup> Ngayon, para patunayang ito nga ay totoo, lumabas mula mismo sa karamihan ang Mesias; isang pangkaraniwang tao lamang na naglalakad doon, nakademit na tulad din ng iba. Sabi ni Juan, "Narito, hayan ang Cordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."

<sup>193</sup> "Paano mo Siyang nakilala?"

<sup>194</sup> Sabi niya, "Kaniyang sinabi iyan sa akin, sa ilang, 'Yaong makikita mong bababaan ng Espiritu, ang Isang iyon ang magbabautismo ng Banal na Espiritu.'"

<sup>195</sup> Kita n'yo, kaniyang nakilala Siya dahil sa umano'y tandang dapat na naroon sa sandaling iyon. (Nakukuha ba ninyo Ito?) Sadyang alam ni Juan ang oras, 'pagkat isa siyang propeta. Iyon ay inihayag sa kaniya, na alam niyang sa mga oras na iyon, ay makikita niya ang tanda. At nang makita niya ang tandang iyon, sabi niya, "Siya'y nakatayo sa inyong kalagitnaan." Alam niyang Ito ay naroon.

<sup>196</sup> Oh, aking nakikita ang tanda na ang huling panahon ay narito na. Nakikita ko ang mga bagay na naipangako, para sa Mensaheng ito ng huling kapanahunan, na nagaganap (nailalantad) nang katulad na katulad sa sinabi ng Kasulatan. At alam kong nalalapit na ang panahon! Sinasabi ko iyan nang walang pag-aatubili. Ako'y naniniwalang ito'y malapit na malapit na, dahil nakikita ko ang mga tanda na sinabi Niyang magaganap bago pa ang oras na iyon. Ito'y napipintong maganap *ngayon*.

<sup>197</sup> Si Juan ay inihayag ang pananampalataya niya sa kung ano ang hinayag ng Dios sa kaniya. Samakatuwid, ang mga gawa ay patotoo ng pananampalataya. Kapag nakita ka nilang kumikilos na tila ika'y gumaling na, kung ganoon malalaman nilang may pananampalataya ka na ika'y gumaling na.

<sup>198</sup> Ano nga ba ang sinasabi ng patotoo? Sinasabi ang ganito: "Taglay ko na ito ngayon, 'pagkat tinanggap ko ang pangako ng Dios. Ito'y kumikilos na ngayon sa akin. Ako'y naghahanda na ngayon para sa kaganapan nito." Uh-huh. Kita n'yo, iyan ang iyong ipinato- . . . ang ginagawa ng mga gawa mo. Aba, siyanga!

<sup>199</sup> Dito, ilang panahon nang nakalipas, sumunod sa huling biyahe ko sa Africa; kagagaling ko lang doon nitong tagsibol, subali't 'yung biyahe bago 'nun. May isang sanggol na baluktot ang paa, ang isang paa . . . maikli ang binti kaysa isa. Hindi pa ito nakapagsuot ng sapatos sapul sa buhay niya. Oh, napakagrabe ng pagkadisporma nito. At idinalangin ko ang sanggol nang

gabing iyon, nasaksihan nila at nakita ang mga bagay na iyon na naganap, idinalangin nila ang sanggol. At kinaumagahan lumabas ako, napadaan sa isang tindahan ng sapatos. At pumasok ako roon, at naroon bumibili ang lalaki ng isang pares ng sapatos para isuot ng sanggol. Sinampalatayanan niya iyon! Uh-huh.

<sup>200</sup> Tulad ng lalaking narito, na sumampalataya na bibigyan siya ng Dios ng anak. Oo, sumampalataya siyang magaganap iyon, naghahanda para rito. “Ako’y naghahanda na.” Bagama’t wala pang makitang pisikal na resulta sa ngayon, subali’t walang anumang kaibahang idudulot iyon. Kaniyang sinampalatayanan iyon, tulad ni Abraham, “tinawag ang lahat ng bagay na salungat, na para bang hindi ito ganoon.” Hayan!

<sup>201</sup> Samakatuwid, kung sasabihin ng inyong katalinuhan sa inyo. . . Oh, heto ngayon ang nakatitibo. Kung ang iyong katalinuhan nga ay sasabihin sa iyo na “Ito ang Katotohanan, ang Dios ang Tagapagpagaling ng karamdaman,” ang iyong kaisipan ay makasasaksi na “Iyon ang Katotohanan,” datapuwa’t kung walang nakahandang lupa na pagtatamnan sa iyong puso (ang pananampalataya, para mahulog dito) para ihayag iyon, hindi iyon mangyayari. Hindi. Marami. . .

Kahit gaano pa ito mapangatuwiranan nitong panlabas na tao sa pamamagitan ng mga Kasulatan, at sabihin, “tama ’yan,” hindi pa rin niyan mapapaging tama ito.

<sup>202</sup> Ilan ba ang kumukuha ng mga teyp? Nakuha ba n’yo ang aking sermon, hindi pa katagalan, *Ang Mga Pinahiran Sa Hulig Mga Araw*? Pinaniniwalaan ba ninyo iyon? Kita n’yo, sinabi roon, “Magsisilitaw ang mga anticristo. Ang mga anticristo ay halos dadayain ang pinaka hirang, kung maaari.” Magagawa ba nito, rin? Hindi maaari, sapagka’t ito’y imposible; sila’y mga hinirang. Kita n’yo? Buweno.

<sup>203</sup> Datapuwa’t sinabi Niya, “Ang mga pinahiran.” Kita n’yo, ang kahulugan ng *Cristo* ay “pinahiran,” subali’t ang mga ito’y laban. Sila’y mga pinahiran, subali’t laban, laban kay Cristo ang kanilang mga aral. Ngayon, kanilang magagawa ang anumang kayang gawin ng iba.

<sup>204</sup> Ngayon, tandaan, ika’y nasa tatlong bahagi, nguni’t ika’y isang persona. Tulad ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, nasa tatlong bahagi, nguni’t isang Persona. Tatlong katangian ng iisang Dios: pagkaama. . . Tatlong katungkulan gaya ng: pagkaama, pagkaanak, at Espiritu Santo. At ikaw ay: katawan, espiritu, at kaluluwa.

<sup>205</sup> Ngayon, ang panlabas na katawan ay may limang lagusan patungo nito, para makaugnay ang iyong makalupang tahanan: paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, at pandinig. Ang loob, na siyang espiritu, ay mayroon itong limang pandamdang: kunsensiya, at pag-ibig, at iba pa. Datapuwa’t sa loob niyan,



ang kaluluwa, ay may isang bagay. Diyan ay kung saan *ka nabubuhay*.

<sup>206</sup> Ang Espiritu ay maaring pumarito at pahiran ka para gumawa ng bagay-bagay, at gagawin mo iyon, datapuwa't hindi iyon nangangahulugang ika'y ligtas na. Pakaisipin ito. Nagpropesiya si Caifas. Si Judas ay nagpalayas ng mga diyablo. Kita n'yo, ang Espiritu ay pinahiran siya. Ang ulang ito ay lumalagpak sa matuwid at di-matuwid, ang mga dawag ay maaring magbunyi kasama ng mga trigo. Datapuwa't iyon ay kung ano ang pinakaloob nito. Diyan ay kung saan kayong mga intelektuwal ay kayang tanggapin ito, sasabihin, "Oh, siyanga, mukhang mabuti iyan. Aking pinaniniwalaan iyan." Wala pa ring magagawa iyan. Wala po, ginoo. At ang espiritu ay talagang mapatotohanan pa ito, at hindi pa rin iyon. Sapagka't kung ang kaluluwang iyan ay hindi nagmula sa Dios, ay magagawa nito ang lahat na panggagaya rito, datapuwa't hindi iyon maaring maging tunay. Maari kang magkunwaring magaling na, maari kang magkunwaring nasa iyo na. Maari kang magkunwaring tinanggap mo na ito. Ang mga Cristiano ay maaring magkunwaring sila'y mga Cristiano, at magpanggap at maging napakagaling sa ganito, subali't hindi iyan nangangahulugan na sila'y ligtas. Iyan ay talagang tama, kita n'yo. Ang Espiritu ay maaaring naroon, ang totoo, tunay na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay maaring pahiran ka, at hindi pa rin nangangahulugan 'yan na ika'y ligtas na. Ito'y yaong kaluluwang 'yun na nasa loob na hindi namamatay, may taglay itong Buhay na Walang hanggan. Dati na itong Buhay na Walang hanggan. Kita n'yo? Ito'y nanggaling sa Dios, paparoon ito sa Dios, ito ang kaluluwa.

<sup>207</sup> Ngayon, pansinin iyon, kailangang maging ganoon iyon. Lima, f-a-i-t-h, sa labas; espiritu, J-e-s-u-s; sa loob, i-k-a-w. Kita n'yo? Ganiyan kung paanong nakatayo ako rito, nakatingin sa inyo, hindi ko kilala isa man sa inyo. Maaaring pahiran ako ng espiritu, wala pa rin akong kilala sa inyo. Subali't kapag yaong kaloob-looban ang gumana, ang Dios na iyon.

<sup>208</sup> Diyan kung saan ang panlabas ay maaaring mangatuwiran. Iyong ihalimbawa ang isang lalaki, sasabihin, "Buweno, alam mo, ako-alam kong hindi ako dapat mangalunya. Subali't, alam mo, pagkatapos ay sasabihin ng espiritu sa akin na hindi ako dapat mangalunya. Subali't, kita mo, doon sa kaloob-looban ay naroon pa rin ang bagay na iyon." Kita n'yo, iyon ang para bang mamamahala, at makabubuting bantayan iyon.

<sup>209</sup> Subali't kung ito'y pinamamahalaan mula sa kalooban, pinagbubuklod nito sama-sama ang lahat. Iyan ang posteng-gabay. Iyon ang toreng-kumukontrol, ang kaloob-looban. Ang kaluluwa ang kumukontrol sa espiritu, ang espiritu ang kumukontrol sa katawan.

<sup>210</sup> Kaya't ang panlabas na pantakip ay walang magagawang kaibahan. Silang mga relihiyosong tao noon, na tinawag ni Pablo na “mga pinaputing-pader,” at iba pa, sila'y mga (sa panlabas) sadyang sa lahat ng paraan ang. . . isang mananampalataya, at sila'y may mga propesiya sa kalagitnaan nila, at lahat na subali't sa *kaloob-looban* (“ang *kaluluwa* na di-sumasampalataya”).

<sup>211</sup> Iyan ang dahilan sa aking sinasabi na ang mga tao'y maaaring maglundagan, at magsalita ng iba't ibang wika, ang mga tao ay maaaring magsisigaw, magpatong ng mga kamay sa maysakit, at magpagaling sa maysakit at iba pa, sa pamamagitan ng pananampalataya; lahat ng mga dakilang bagay na iyan sa pamamagitan ng Espiritu, ganoon pa ma'y mapapahamak. Mga pinahiran.

<sup>212</sup> Pansinin na sinabi ni Jesus, “Mananampalataya lamang, sapagka't ang lahat ng bagay ay may pangyayari sa kanila na sumasampalataya.” Ang pananampalataya at mga gawa ay mag-asawa, sila'y gumagawa nang magkasama. Ang asawang lalaki ay kasamang gumagawa ang asawang babae, ang asawang babae kasama ng asawang lalaki; ikinikilala nila ang isa't isa.

<sup>213</sup> Tulad ng isang lalaki na nagsasabing siya'y “may asawa na” at ganoon pa man hindi niya mailabas at maipakita na mayroon nga siyang asawa, iyong pagdududahan ang sinasabi niya. Kita n'yo? Isang lalaki ang nagsabi, “Ako'y may asawa na.”

“Nasaan ang asawa mo?”

“Oh, oh, ako—wala akong alam tungkol *diyana*.” Kita n'yo? Kita n'yo? Medyo mahirap sa akin na mapaniwalaan siya.

Sasabihin ko, “Buweno, nasaan ang iyong asawa?”

“Buweno, hindi ko alam.” Ako—hindi ko paniniwalaan iyon.

<sup>214</sup> Kaya, nakita n'yo, kung talagang meron ka 'nung bagay na sinasabi mong nasa iyo, “Ako may ay pananampalataya,” papaano mong ipakikita sa akin na ikaw nga ay may pananampalataya? Sa pamamagitan ng iyong mga gawa. Kita n'yo?

“Ako ay kasal na.”

“Paano kong malalaman na ikaw ay kasal na?”

“Ito ang aking asawang babae.” Kita n'yo? Hayan nga.

“Ako ay kasal na, ito ang aking asawang lalaki.”

“Ako'y magaling na.”

“Paano mong nalaman?”

<sup>215</sup> “Ang aking mga gawa ang nagpapakita ng aking pananampalataya.” Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, kung ano—kung ano ang ipinangungusap n'yo: ang inyong pananampalataya ang siyang nakikita ng Dios sa inyo, ang inyong mga gawa naman ang siyang nakikita ng ibang tao sa inyo.

216 Iyan ang para sa kaibahan nina Santiago at Pablo rito, sa pagpapaliwanag tungkol kay Abraham. Hindi sila nagkasalungatan sa isa't isa, kapuwa sila magkatulad; mag-asawa.

217 Ganiyan din ang pananampalatayang hindi nagbubunga ng mga gawa, may karapatan ang sinoman na pagdudahan ang iyong patotoo. Ngayon narinig n'yo ba iyan, bago natin simulan ang hanay ng pananalangin? Kung ang iyong pananampalataya ay wala itong maipakikitang kalakip na mga gawa, hindi mo mapaniniwala ang sinoman na ika'y gumaling na. Sasabihin, "Buweno, hindi ko alam." Kita n'yo? "Aba'y, siyanga, oo, taglay ko ang lahat ng pananampalataya sa mundo." Wala sa iyo. Sapagka't, kung ikaw, may pananampalataya, kung ganoon ang mga gawa ay kasal sa pananampalataya. Sila'y mag-asawa, ang isa—ang isa'y ipinakikilala ang isa.

218 Isipin natin si Abraham sa loob lamang ng ilang sandali. Tinaglay ni Abraham ang ganap na banal na pakikipagkaisa na iyon, kita n'yo, tinaglay niya ang kabuuan niyon. Tinawag niya ang mga bagay, salungat sa kaniyang pananampalataya, na para bang hindi ganoon; at kumilos sa ganoon ding pamantayan. Nakikini-kinita ko, pagkaraan ng mga dalawampung taon, may dumalaw at nagsabi, "Ama ng mga bansa? Huh! Abram, sinabi mong ang iyong pangalan ay '*Abraham*,' na ang kahulugan ay *ama ng mga bansa*. Ilan na ba ang iyong mga anak ngayon, Abraham?" Kita n'yo?

219 Hindi iyon nakapatisod sa kaniya nang kaunti. Sinabi ng Biblia, "Hindi siya nag-alinlangan sa Salita ng Dios, sa pamamagitan ng di-pananampalataya." Nagpatuloy siya sa paghahanda, inihahanda ang mga sapatos at mga lampin at lahat na, siya ay "magkakaroon ng sanggol." Iyon lang.

220 Maging si Sara ay nagsabi, "Alam mo ba kung ano ang mangyayari? Magkakaroon ka ng sanggol, nguni't sasabihin ko sa iyo ang paraan na magagawa natin ito. Ngayon si Hagar ay aking alipin, ibibigay ko siya sa iyo." 'Pagka't ang pag-aasawa ng marami ay legal noon. "At magkakaanak siya, at akin mismong kukunin ang bata." Subali't hindi iyon ang paniniwala ni Abraham. Hindi, ayaw niyang gawin iyon. Nguni't inspirado si Sara para gawin iyon.

221 Kaya't, sinabi ng Dios kay Abraham, "Humayo't makinig sa kaniya," nguni't sinabi Niya, "ganoon pa man hindi ito ang ipinangako Ko sa iyo. Hindi ito ang paraang ipinangako Ko sa iyo."

222 Ngayon masdan, tinawag niya ang lahat ng bagay na "laban," ang katawan niya noon ay patay na, at ang bahay-bata ni Sara gayundin. Ngayon, matanda na siya noon, isandaang taong gulang na. Si Sara naman ay siyamnapung taong gulang. Ngayon pansinin! Ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sara

o ang pagiging patay ng katawan niya ay hindi man lang isinaalang-alang.

223 Pakinggan ito.

*Sapagka't hindi sa pamamagitan ng kautusan ginawa ang pangako kay Abraham o sa kaniyang binhi na siyang magmamana ng sanglibutan, kundi sa pamamagitan ng katuwiran ng pananampalataya.*

*Sapagka't kung ito'y sa pamamagitan ng kautusan . . . ay sa pamamagitan ng kautusan ang siyang mga tagapagmana, ay walang kabuluhan ang pananampalataya, at ang pangako ay . . . nawawalang kabuluhan:*

*Sapagka't ang kautusan ay gumagawa ng galit: at kung saan walang kautusan, ay wala ring pagsalansang.*

224 Pakinggan ito, ngayon.

*Na laban sa pag-asa . . .*

“Laban sa pag-asa,” lahat ng pag-asa ay naglaho na! Oh, sa bawa't panahong medyo nakararamdam ako ng “lumbay,” ito ang kabanatang aking binubuksan, Mga taga Roma 4, kita n'yo.

*(Gaya ng nasusulat, ginawa kitang ama ng . . . mga bansa,) sa harapan niyaong kaniyang pinanampalatayanan, samakatuwid bagay ang Dios, na nagbibigay ng buhay sa mga patay, at tumatawag sa mga bagay na hindi pa hayag na tila hayag na. (“Ganoon ang sinabi ng Dios!” Kita n'yo?)*

*Siya na sumasampalataya na nasa pagasa laban sa pagasa, upang maging ama ng . . . mga bansa; ayon sa sabi, Magiging gayon ang iyong binhi.*

225 Ngayon pakinggan, ika-19 na talata.

*At hindi humina sa pananampalataya na ipinalagay man ang kaniyang katawang tulad sa patay na, gayon siya'y may mga isang daang taon na, at . . . ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sara:*

*Kundi, sa pagtingin niya sa pangako ng Dios, ay hindi nagalinlangan sa pamamagitan ng di pananampalataya; kundi lumakas ng lumakas . . . na niluluwalhati ang Dios;*

226 Sa edad na isandaang taon? Pansinin, ang kaniyang katawan ay patay na (ang kaniyang kabinataan), at baog ang bahay-bata ni Sara. Siya'y . . . Ni hindi iyon naisaalang-alang, nang ito'y mahayag sa kaniya. Ang higaang 'yan ay hindi isinasaalang-alang. Ika'y isang paralitiko, o anuman ka, hindi isinasaalang-alang. Ang upuang de gulong ay hindi isinasaalang-alang, para sa munting batang lalaking iyan. Marahil ay naparalisa, anuman

iyon (hindi ko alam), ito'y hindi isinasaalang-alang. Ni huwag iyon isaalang-alang.

227 “Subali't sinabi ng doktor, ‘Siya’y hindi na makaaalis pa rito.’ Sinabi ng doktor, ‘Siya’y hindi na aabutin.’” Ni hindi iyan isinasaalang-alang.

228 “Buweno, tingnan mo, ako’y matanda na, ako’y nasa gitnang-gulang na.” Ni hindi iyon isinasaalang-alang.

229 At tayo’y mga anak ni Abraham (Aleluya!), hindi katulad kay Isaac noon, kundi sa kaniyang Maharlikang Binhi (sa pamamagitan ni Jesus Cristo) sa pamamagitan ng pananampalatayang tinaglay niya, ang Binhi ni Abraham na umuusbong sa mga huling araw upang magliwanag tulad ng mga bituin. Mga anak ni Abraham! “Hindi ipinalagay ang kaniyang katawang tulad sa isang patay na.” Ni hindi man lang iyon isinaalang-alang! Ni hindi man lang pinag-alinlanganan kung ito ba’y gagawin ng Dios o hindi, sinabi ng Dios na gagawin Niya iyon! Bakit? Iyon ay inihayag sa kaniya. Tama ba ’yon?

230 Kapag ito’y inihayag sa iyo, kung totoo itong . . . isang bagay . . . Hindi mo magawang papangyarihin iyon, kailangang ito’y maihayag sa iyo. Kung magkagayon ay wala ka nang anumang bagay na isasaalang-alang pa: gaano man kaimposible iyon, huwag nang isipin kung ano’ng sinabi ng doktor, hindi mo na iisipin kung ano’ng sinabi ni inay, kung ano’ng sinabi ni itay, kung ano’ng sinabi ng mangangaral, kung ano’ng sinabi ng iba pa. Ang iyong isasaalang-alang lamang ay kung ano’ng sinabi ng Dios!

231 “Hindi niya ipinalagay ang kaniyang katawan na patay na, ni ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sara. Ni hindi man lamang iyon isinaalang-alang. Oh, naku, sadyang niyayanig ako niyan. Katawang patay, ni ang pagkabaog ni Sara, sa bahay-bata, ay hindi man lang isinaalang-alang.

232 Walang anumang kalagayang iisipin kapag ang pananampalataya ay nakasumpong ng lupang-punlaan nito! Kapag ang punlang-binhing galing sa lalaki ay makatagpo ang—ang itlog sa loob ng babae, at kapuwa malusog ang mga ito, mayroong mangyayari. Aleluya! Maaaring sabihin ng doktor, “Kayo’y hindi magkakaanak. Kaya kong patunayang ang iyong—iyong mga punla ay patay na sa loob ng iyong katawan, at ang kaniyang mga itlog ay hindi maaring magkaanak.” Datapuwa’t hayaang ang malusog na itlog na iyan, hayaang katagpuing minsan pa ng punla ang itlog na iyon, masdan kung ano’ng mangyayari; ang batang lalaking iyon o ang batang babaing iyan ay darating sa tagpo. Bakit? Nasumpungan ng pananampalataya ang lupang-punlaan nito. Lumalakip ang mga gawa, selula sa ibabaw ng selula, at heto dumating ang munting sanggol. Amen. Dios, kahabagan kami. O Dios, kung kami’y matatatag na mga Cristiano gaya ng nararapat! Kung

tayo nga'y mga lalaki at babae na magagawang panghawakan ang Dios sa Kaniyang Salita! Hindi mo ito magagawa hangga't ito'y hindi mahayag sa iyo.

Kailangan kong magmadali.

<sup>233</sup> Pansinin, ang banal na pananampalataya ng Dios ay napag-isa sa banal na mga gawa ng Kaniyang propeta. Alalahanin, ang banal na pananampalataya ng Dios ay nahayag kay Abraham. Kaniyang tinanggap iyon, at sa pamamagitan niyon ay nagpasimula siya sa kaniyang banal na mga gawa, sa pamamagitan ng pagsampalataya. Ang binhi ng pangako ay may dako nang masisibulan. Ano kaya kung sinabi niya (Abraham) “Buweno, alam mo, Sarah, tutal, dalawampu't limang taon na buhat nang iyan ay ipinangako ng Dios”? Uh-oh! “Kung may bagay man na dapat mangyari,” kita n'yo. Subali't hindi niyon magagawa. Batid ng Dios na hindi niya gagawin iyon.

<sup>234</sup> Ano kaya kung sinabi ng birheng si Maria, “Buweno, ngayon, sandali lang! Isang—isang birhen ang maglililihi? Buweno, ititiwalag nila ako sa simbahan ko kung paroroon ako at sasabihin ang bagay na tulad niyan”? Ngayon, maaring inisip niya ang mga ganoong kaisipan kung hindi iyon ang naihandang lupang-punlaan.

<sup>235</sup> Nang sabihin ng propetang iyon, “Isang birhen ang maglililihi,” sapat na iyon. Kita n'yo?

<sup>236</sup> “Lalakip ang mga tandang ito sa kanila na sumasampalataya.” Kung ang lupang-punlaan ay nakahanda na roon kapag ang Salita ay nahulog doon, Ito'y kakapit. Wala nang anumang makapipigil Dito.

<sup>237</sup> Ngayon, mabilisan, habang tayo'y nagtatapos. Kita n'yo, ang Binhi ay may dakong mapagkukublian. Alam ng Dios iyon, o hindi na sana Niya ibinigay ang pangako kay Abraham. Ngayon makinig, nang maiigi ngayon. Alam ng Dios kung saan paroroon ang pangakong iyon; ni hindi nga Niya tinawag si Abraham hanggang sa naging pitumpu't limang taong gulang na siya, subali't siya yaong Kaniyang predestinadong lingkod buhat pa sa pasimula, gayon din naman si Sara.

<sup>238</sup> Pansinin, alalahanin, wala siyang Biblia noon na mababasa. Siya ay wala nito na kasing madali kagaya sa atin na meron nito sa araw na ito, na basahin ang Kaniyang Salita at makita ang iba pa na nanghawakan Dito. Tandaan, tinaglay lamang niya Ito sa pamamagitan ng kapahayagan, at iyon ang tunay na bagay. Tulad din kung paano kay Jose, sa Genesis, wala pang Biblia. Alalahanin, si Moises ang sumulat ng Genesis, Exodo, Levitico, at Deuteronomio. Wala sa mga tauhan doon ang may nabasang Biblia hanggang sa dumating si Moises. Tama ba iyan? Wala silang Biblia na meron tayo, para tulungan tayo sa ating kapansanang kalagayan. Sila'y mga matatatag na tao na... ay inihayag sa kanila ng Dios, at nanindigan sila roon. Walang

nakapagpatinag sa kanila. Ngayon, sa palagay n'yo kaya ay mapapasaatin pa ang ganoong katatag na pananampalataya? Kung Ito'y nahayag sa iyo!

<sup>239</sup> Ipagkaumanhin ang pananalitang ito, o ang patotoo sa pagkakataong ito, bago pa sa pagtatapos. Nalaala ko na rito sa "Twin City," sa palagay ko'y kasama ko noon si Kapatid na Brown at iba pa; at tinatalakay ko noon ang buhay ni Jose, sa Biblia. At binasa ko ang Bibliang iyon, may isang lalaki roon na walang anumang kapintasan! Sina Abraham, Isaac, Jacob, at lahat sila, may makikitaan na kapintasan sa kanila, datapuwa't kay Jose ay wala. Kahanga-hangang lalaki, isang sakdal na lalaki, isang sakdal na tipo ni Cristo!

<sup>240</sup> Nang basahin ko iyon, ako'y sadyang napaiyak, isang araw noon, sa loob ng munting silid ko sa hotel. At pumaroon ako sa aparador kung saan naroon ang aking mga damit na nakasabit, hinila nang sabay ang mga pintuan, at sabi ko, "Dios, nais ko pong pasalamat na Ka dahil sa isang lalaking tulad ni Jose, isang lalaking minsang namuhay sa ibabaw ng lupa, isang-isang lalaking kagaya ko na nasa laman, isang lalaking kayang manampalataya sa Iyo at manghawakan sa Iyong Salita." Kinamuhian siya ng kaniyang mga kapatid. Hindi niya mapigilan ang pagiging espirituwal. Siya'y nakakita ng pangitain. Kaya niyang ipaliwanag ang panaginip. Lahat sila'y kinamuhian siya dahil dito. Wala siyang magagawa roon, sadyang ganoon talaga siya.

<sup>241</sup> Kita n'yo, sadyang hindi ganoon sa iba. Dapat sana'y minahal nila siya, nguni't sa halip 'nun... Kapag sinabihan niya sila, kung minsan ng mga bagay na laban sa kanila, "Oh," sinasabi nila, "heto na naman 'yung mapanaginipin." Kita n'yo? At kinamuhian nila siya nang walang kadahi-dahilan.

<sup>242</sup> Sinabi ko, "Ba't nila nagawa iyon?" At ganoon pa man ay hindi natinag ang lalaking iyon, nanatili siya roon. Kita n'yo? Sabi ko, "Salamat sa Iyo, Panginoon. O Dios, salamat sa Iyo dahil sa lalaking kagaya niya."

<sup>243</sup> At doon mismo ay naghayag sa akin ang Espiritu Santo, sabi, "Ika'y magkakaroon ng isang anak na lalaki, at tatawagin mo ang kaniyang pangalang 'Joseph.'" Tumayo ako mula roon at pinasalamatang Panginoon.

<sup>244</sup> Si Becky, na nakaupo ryan sa likuran, ay kapapanganak pa lang noon ng mga... mga nasa isang taong gulang siya noon. Isinilang siya na cesarean, nasa lahi ng pamilya ng asawa ko ang cesarean; 'pagkat hindi sila nagbubukas nang husto tulad ng pangkaraniwang babae, matitigas ang mga buto tulad sa lalaki, at kinailangan mahiwa ang nanay niya para siya mailabas. At sinabi ng doktor sa akin, sabi niya, "Kapatid na Branham, huwag na huwag kang magkakaroon pa ng anak sa babaing ito." Sabi, "Ang kaniyang bahay-bata ay kasingnipis na ng lobo."

Sabi niya, “Makabubuting payagan mo akong talian ang mga tubong iyon.”

245 Sabi ko, “Huwag, hindi ako papayag...huwag mong balaking gawin ‘yan, ‘Doc.’”

246 Sinabi niya, “Buweno, ikaw-ikaw-ika’y...Hindi na siya dapat na magkaroon pa ng anak.” Sabi, “Iyong maipapahamak siya,” sabi, “siya’y mamamatay.” Sinabi, “Naging mapanganib ang nangyari sa amin doon,” ang sabi, “ikaw lang...kakaraos pa lang niya.”

247 At pagkatapos ang Panginoon ay sinabi sa akin na ako’y “magkakaroon ng isang anak na lalaki” at ang kaniyang pangalan ay tatawaging “Joseph.” Hindi man lang ako nangamba tungkol dito. Lahat, marami sa inyo, nakaaalala.

248 Humayo ako, ipinamamalita iyon, “Ako’y magkakaroon ng isang anak; ang kaniyang pangalan ay tatawaging Joseph.” Ilan ba ang nakaaalala nito? [Sabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siyanga! Sa lahat, sa buong bansa, sa lahat ng dako, ipinagsabi sa mga tao, “Magkakaroon ako ng isang sanggol; ang kaniyang magiging pangalan ay Joseph.”

249 Tulad ‘nung batang lalaking nabuhay muli, sa Finland, mula sa mga patay. Si Kapatid na Jack ay naroon mismo nang maganap iyon. Sinabi ko na ito sa inyo, dalawa o tatlong taon bago iyon naganap, “May isang munting batang lalaki,” kung ano ang damit niya, kung saan siya nakahandusay. “Iyon ang sabi ng Dios!”

250 “Paano iyon mangyayari?”

251 “Hindi ko alam! Datapuwa’t inihayag iyon sa akin na iyon ay magaganap!”

252 Inihayag iyon sa akin, “Papunta ako sa Arizona, at doon katatagpuin ko ang pitong Anghel. At sasabihin nila sa akin, at isang Mensahe na aking ipangangaral.” At iyon ay ang Pitong Tatak. Naganap iyon! Ilan ba ang nakakaalalang sinabi ko iyon? Ang mga teyp at mga bagay-bagay ay magpapatunay ryan. At naganap iyon! Ang mga magasin, at lahat na iba pa, ay kinunang Iyon ng larawan. Ang Liwanag na Iyon doon sa himpapawid, na hanggang ngayon ay hindi nila Iyon naunawaan. Hayun na nga ‘yon.

253 Aking naaalala pa na tinawagan ko si Kapatid na Jack at nagtanong sa kaniya tungkol diyan, si Cristo na nakatayo roon, at ang tugon ni Kapatid na Jack, “Iyon ay nasa Kaniyang niluwalating kalagayan.” Kita n’yo? Mahal ko si Kapatid na Jack. Isa siya sa pinakamahusay na teologong kakilala ko, datapuwa’t sadyang hindi ko ‘yon mapagtugma-tugma.

254 Nakatayo ako roon, sabi ko, “Panginoon, paano nga ba ito? Heto’t batang-bata na lalaki” sabi ko, “na may mga buhok tulad ng balahibo ng tupa.”



255 At sinabi Niya, “Siya ay nakapeluka.” Tingnan sa aklat, bago pa man iyon maganap, sinabi ko iyon. At nang araw na maganap iyon, pumaitaas iyon. At pihitin n’yo nang patagilid ang larawang iyon, kung mayroon kayong *Look Magazine* o *Life Magazine*, ipihit itong patagilid. Hayun Siya, katulad na katulad, ng gawa ni Hoffman na *Head of Christ*, na nakatingin pababa kung saan ako nakatayo; naroon Iyon sa magasin! Ilan na ba ang nakakita Nito? Siyempre, nakita n’yong lahat. Doon, kung babalikan, pinatotohanan ng lubos na ang kapahayagan ay tama.

256 Bakit nakapeluka? Aba, ang mga hukom noon ng Ingles, ang mga hukom na Judio, nagsusuot dati-rati ng—ng—ng peluka, ginagawa pa rin nila hanggang ngayon sa Inglatera; kapag siya’y . . . iyan ang kataas-taasang kapangyarihan, nakapeluka siya. At ipinakita Siyang nakatayo roon, napepelukahan ng mga pakpak ng mga Anghel, Siya ang Alpha at ang Omega. Siya ang Kataas-taasang Hukom, at wala nang iba liban sa Kaniya. Ipinakikita Siya na bilang ang Alpha at ang Omega. At doon Siya’y isang lalaking batang-bata, hindi lalang sa tatlung taong gulang, nakaputing peluka. Ipinakikilala na Siya ang Kataas-taasan, ang Dios, “Ipinagkatiwala ng Ama ang *lahat* ng paghatol sa mga kamay ng Anak.” Aleluya! Ang kapahayagan ay hindi kailanman nagkamali! Sabihin mo pa rin Ito, kahit ano pa ang dating nito sa pandinig, tumutugma iyon sa Salita.

Ngayon alalahanin, makalipas ang apat na taon, ang aking maybahay . . .

257 Alam naming magkakaroon kami ng isang sanggol. Sabi ng lahat, “Si Joseph na ba itong isisilang?”

258 Sabi ko, “Sa palagay ko nga, hindi ko alam, nguni’t magkakaroon ako ng Joseph.”

259 Nang maipanganak iyon, si Sarah pala iyon. Pagkatapos isang lalaki ang tumawag sa akin, at pinagtawanan niya ako nang husto, sabi niya, “Ang sabihin mo, alam mo kung ano? Ang ibig mong sabihin ay Josephine!” (Ang lalaking ’yon ay namatay. Ang lalaking ’yon ay namatay.)

260 Sabi ko, “Ginoo, ang sabi ko, ‘sinabi ng Dios sa akin na “magkakaroon ako ng isang anak na lalaki” at aking “tatawagin ang pangalan niyang ‘Joseph’!””

261 May tatlong tao na umalis sa isang simbahang makadenominasyon at nagpunta sa aming simbahan, at narinig akong nagsalita nang ganoon. Nang maipanganak si Sarah, sinabi nila, “Aba’y! Isa siyang bulaang propeta.”

262 Sabi ko, “Sandali lang, mga binibini, hindi ko sinabi kung *kailan*, hindi rin sinabi maging ng Dios kung *kailan*. Sinabi Niya sa akin, ‘magkakaroon ng isang . . .’ Kaniyang gagawing . . . sinabi kay Abraham, sila’y ‘magkakaroon ng Isaac,’ subali’t ipinanganak si Ismael sa pagitan ng panahong iyon, subali’t

hindi Iyon napawalang saysay.” Sabi ko, “Sinabi ng Dios na magkakaroon ako ng batang lalaking ito at tatawagin ang pangalan niyang ‘Joseph.’”

<sup>263</sup> Sabi ng doktor, nang lumapit siya, sabi niya, “Reverend, tatalian ko na ngayon ang mga tubong iyon.” Sabi, “Aking . . .”

<sup>264</sup> Sinabi ko, “Huwag mong gagawin iyan!” Sabi ko . . .

<sup>265</sup> Sabi niya, “Buweno, maaaring makapag-asawa kang muli at mapapasaiyo pa rin ang batang lalaking iyon.”

<sup>266</sup> Sabi ko, “Magkakaanak ako sa pamamagitan niya! Iyon ang sabi ng Panginoon!” Hindi ko iyan mababasa sa Biblia subali’t nakasulat iyon sa aking puso sa pamamagitan ng kapahayagan, ng pananampalataya; sinabi nga ng Dios! Ayaw kong mag-alinlangan sa pangako ng Dios sa pamamagitan ng di pagsampalataya.

Ang iba sa kanila’y nagsabi, “Ang ibig mong sabihin ay ‘Josephine.’”

Sabi ko, “Ang sabi ko ‘Joseph.’”

Sabi ng doktor, “Hindi na siya maaaring magkaanak pa.”

Sabi ko, “Magkakaanak siya ng isa pa.”

<sup>267</sup> Lumipas ang apat na taon, sa wakas ay muli siyang nagdalang-tao.

<sup>268</sup> Pagkatapos may isang babae, (kumalat sa buong bansa ang isang huwad na propesiya) sumulat ng mga salita, nagsabi, “Ngayon mamamatay si Meda sa pagkakataong ito, sapagka’t isinugo ako para pangunahan si Bill.” At ang sabi pa roon, “Ayaw niyang makinig sa akin dahil ako’y isang babae, at parurusahan siya ng Dios sa pamamagitan ng pagpatay sa asawa niya.”

<sup>269</sup> Sabi ko, “Isinugo ng Dios si Jesus Cristo para pangunahan ako.” Kita n’yo? At sinabi ko, “Ako’y pinangungunahan ng Espiritu.”

<sup>270</sup> Ang kawawang Meda. Kami’y may isang nars na gumaling doon sa isa sa mga pagtitipon, kilala n’yong lahat, si Gng. Morgan, (at isa sa mga nars sa Mayo, mga pinakamalalang kaso). Buweno, naroon siya sa listahan, “patay na,” mga dalawampung taon na ang nakalipas, dahil sa kanser, “kanser na sarcoma,” sa Louisville, doon mismo sa listahan ng ospital ng Baptist. Siya’y namamasukan bilang nars sa-sa Jeffersonville, sa ospital, sa ngayon. Siya’y namamasukan doon hanggang sa mga taong ito, ‘pagkat sinabi ng Dios na “Siya’y mabubuhay.”

<sup>271</sup> At, kung kaya’t, mahal siya ni Meda, at sabi niya, “Gusto kong samahan ako ni Margie, Bill, parang ayaw kong magpunta sa ospital.”

<sup>272</sup> Sabi ko, “Huwag gawing . . . Mahal natin si Margie, subali’t hindi si Margie ang ating Dios, si Margie ay kapatiran natin.”

At pumaroon ako sa Green's Mill. Talagang alalang-alala ako sa kaniya. Siyempre, mahal ko siya. Nagtungo ako sa Green's Mill.

273 At sabi niya, "Bill, sa palagay mo ba'y mamamatay ako?"

274 At sabi ko, "Hindi ko alam, subali't maipapanganak ang sanggol na iyon, paano't paano man. Magkakaroon ka ng isang Joseph."

275 Sabi niya, "Siya na ba ito?"

276 Sabi ko, "Hindi ko alam, Honey. Hindi ko masabi, nguni't sinabi ng Dios na 'magkakaroon tayo ng Joseph,' at tayo'y magkakaroon ng Joseph. Kahit ano pang bagay magsasabi, tayo'y magkakaroon ng Joseph. Dahil, ang Dios ding iyon na nagsabi sa akin ng lahat ng mga kapahayagang ito, ang nagsabi sa akin *niyon*, hindi Siya nabigo sa iba at hindi Siya mabibigo diyan."

277 Ako'y umakyat, sa mill, para manalangin. At nagpasimula ako roon. Naroon 'yung Liwanag na nakalutang sa pagitan ng dalawang puno, ang sabi, "Balikan mo 'yung Salita, sa Aklat."

278 Aking binalikan ang Biblia, at nakalagay noon doon sa kotse ko. At nang binalikan ko, hinipan iyon ng hangin doon sa tagpo na si Nathan ay nakaupo, at si David; ang sabi, "Humayo't sabihin sa Aking lingkod na si David; kinuha Ko siya mula sa kulungan ng tupa, mula sa pagpapakain ng ilang tupa ng kaniyang ama, at ginawa Ko siyang isang dakilang pangalan tulad sa dakilang tao." (hindi lahat ng-ng pinakadakilang pangalan, kundi *tulad* lamang sa dakilang tao; hindi siya ginawa na isang Billy Graham, subali't isang. . . binigyan siya ng pangalan, alam n'yo na) Sabi, "Ginawa Ko iyan, subali't" sabi, "hindi Ko papayagang siya ang magtayo ng templo, kundi ang kaniyang anak na lalaki. . ." At sa pagkabanggit na pagkabanggit Niyon, "Ang mga anak niya," oh, naku, hayun na iyon.

279 Sabi ko, "Joseph?" Tama 'yan.

280 Kaagad-agad ay umuwi ako ng bahay. At doon ang munti kong asawa, lumaki nang husto, siya, may malusog na batang lalaki, halos hindi siya halos makalakad, na sumalubong sa labas. Tumakbo ako, niyakap ko siya, at sabi ko, "Honey! Parating na si Joseph. Paparating na si Joseph."

281 Alam ninuman, na ang cesarean, hindi dapat hayaang umusad pababa ang nasa loob na sanggol. Nang gabing iyon umusad ang sanggol, pumutok ang panubigan, at lahat na.

282 Kinaumagahan, sa ganap na alas siyete, nagtungo kami sa ospital, sabi ng doktor, "Oh, habag, naku."

283 Namaalam ako ng halik sa kaniya, nagsabi, "Honey, hindi na tatagal, darating na si Joseph." Pumanhik siya sa itaas, paganiyan, sa pinag-ooperahang mesa.

284 Ilang sandali pa, bumaba ang nars, sabi, “Rev. Branham?”

285 Sabi ko, “Opo, ma’am.”

286 Ang sabi niya, “Mayroon ka nang isang malusog, pitong libra, at tatlong onsa, na batang lalaki.”

287 Sabi ko, “Joseph, anak, maligayang pagdating.” Opo, ginoo! Bakit? Bakit? Ano ba iyon? Iyon ay hindi nakasulat sa Biblia na magaganap, datapuwa’t ang Dios ding iyon ng Biblia na naghayag nito kay Abraham, hindi namin isinaalang-alang ang pagkabaog ng kaniyang bahay-bata, ang kaimposeblihan na maging ganoon iyon. Hindi kayo nag-alinlangan sa pangako ng Dios sa pamamagitan ng di-pananampalataya, bagkus ay magbigay papuri kayo sa Dios, nalalaman na iyon ay talagang mangyayari! Hindi mahalaga sa akin kung ano’ng sabihin ng doktor, lahat ng iba pa’y darating sa lahat ng uri ng kaparaanan, subali’t huwag n’yong paniwalaan iyon, ito’y kasinungalingan ng Diyablo. Opo, ginoo, totoo. Ang pananampalataya ay kumikilos, lumalakip sa mga gawa, para isakatuparan ang pangako. (Magmadali tayo.)

288 Tugmang-tugma iyon kung paanong sinabi, “Si Rahab na patotot,” sinabi ni Santiago, “ay inaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa.” Nguni’t bakit? Ang pananampalataya niya!

289 Sabi niya, “Nabalitaan kong kasama ninyo ang Dios.” Hindi na niya nais malaman kung paano ang ayos ng buhok ni Josue, o kung paano niya isinuot ang kaniyang damit. Sabi niya, “Talastas ko na ang Dios ay kasama n’yo.” Iyon lang ang mahalaga, naghanda siya.

290 Gaya ng isang totoong pangitain sa araw na ito, (Magtatapos na ako sa ilang sandali) mga totoong pangitain mula sa Dios sa araw na ito, ito’y isang pangakong Salita para sa araw na ito. Sasabihin, “Ang mga pangitaing ito, Kapatid na Branham, saan mo ba ’yan nakukuha?” Ang mga tao’y natitised riyan. Hindi ba sinabi ng Mga Gawa 2:17, ang sabi, “Mangyayari na sa mga huling araw na ang inyong mga anak na lalaki ay makakikita ng mga pangitain, at mananaginip ng mga panaginip ang inyong mga matatandang lalaki?” Hindi ba’t tama iyan? Iyan ang sabi ng Biblia.

291 Buweno, ngayon kung ganoon nga iyon, tingnan din ang Malakias, sa ika-4 na kabanata, at alamin kung hindi ba ito ipinangako sa araw na ito. Paano n’yo sasampalatayanan Ito? Sinabi ng Biblia na ganoon!

292 Ngayon kunin n’yo ang Lucas 17:30 at basahin ito. Sinabi ni Jesus, “Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ng Sodoma, gayon din naman sa pagdating ng Anak ng tao.” Katulad sa Sodoma noon. Ngayon, masdan ang kalagayan ng mundo ngayon: mga Sodomita. Tingnan itong sina Billy Graham at Oral Roberts, silang dalawang mga saksi, naroon nagpapatunay sa mga makadenominasyong iglesia. Ang isa’y sa Metodista,

Baptist, Presbyterian; ang isa naman ay sa mga Pentecostal. Ang isang *ito*, ang isang *iyon*, at *yaong* isa pa.

<sup>293</sup> Datapuwa't tandaan, si Abraham ay wala roon sa Sodoma, siya ay tinawag na palabas. At may Isang nanatili at nakipag-usap sa kaniya! At 'yung Isang nanatili at nakipag-usap sa kaniya, nagpakita sa *kaniya* ang Isang tanda. Habang nakatalikod Siya, sinabi Niyang si Sarah ay magsisilang ng sanggol na patuloy niyang hinihintay. Amen. Habang nakatalikod Siya. At tinawag niya Ito, "Dios, Elohim."

<sup>294</sup> Ngayon, nagaganap iyan sa araw na ito, sapagka't may pananampalataya tayo. At batid kong ito'y sa Dios, dahil sa ito at ang iba pang mga Kasulatan ay tumutukoy sa oras na ito. Ang Apocalipsis 10, nagsabi na "sa oras ng Mensahe ng ikapitong anghel, kapag sinimulan na niyang patunugin ang kaniyang Mensahe," hindi sa isang gawaing pagpapagalang, kundi ang Mensaheng kasunod ng gawaing pagpapagalang.

<sup>295</sup> Humayo si Jesus at nangaral. Sabi niya, "Pinagaling Niya ang maysakit, at lahat na. O, yaong batang Rabbi na iyon, na propeta, Siya'y isang dakilang tao. Gusto namin Siya sa aming simbahan."

<sup>296</sup> Datapuwa't isang araw ay tumayo Siya, nagsabi, "Ako at ang Aking Ama ay Iisa." Oh, naku. Ayaw na nila sa Kaniya buhat noon. Siyanga. Oh!

<sup>297</sup> "Malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kaniyang dugo!" Hindi Niya ipinaliwanag Iyon. Sabi, "Malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kaniyang dugo, wala kayong Buhay sa inyo."

<sup>298</sup> Aba'y, parang nakikita ko, ang ilang mga doktor at mga nars ay nagsabi, "Ang taong ito'y isang bampira, pinipilit tayong uminom ng kaniyang dugo." Kita n'yo, hindi nila Iyon naunawaan. Alam Niya iyon.

<sup>299</sup> Subali't silang mga alagad, maaaring hindi nila kayang ipaliwanag iyon, nguni't naupo sila roon at sinampalatayanan pa rin nila Iyon, amen, dahil nahayag Iyon sa kanila. Opo, ginoo. Alam nila Iyon, ang mga Kasulatan ay ipinahayag Iyon.

<sup>300</sup> Maaaring itanong kung ganoon sa akin ang ganito, kung sabihin n'yo marahil, "Bakit may pananampalataya kang paniwalaan ang mga pangitaing ito, samantalang—samantalang napakaraming naglipanang mga bulaang panggagaya?"

<sup>301</sup> May sasabihin akong kaunting isang bagay, matindi, sandali lang ngayon. Kapag napakaraming mga panggagaya sa paligid, tandaan, kapatid ko, sila'y naipangusap na rin na sila'y lilitaw sa panahong ito. Tugma iyan, kung paano noon sa mga kaarawan ni Moises. Si Moises ay pumaroon upang isagawa ang mga gawa ng Dios sa harap ng mga tao, at nakatayo roon sina Jannes at Jambres. Datapuwa't sino ba ang naunang gumawa niyon?

Kung ganoon itong mga iba pa ay mga manggagaya, 'pagkat kinailangan munang may orihinal para gayahin nila. Kung sila nga ang orihinal. . . Uh-huh. Hindi, tayo'y hindi—tayo'y hindi ligaw. Alam natin kung saan tayo nakasalig, kita n'yo, kita n'yo, sa pamamagitan ng Kasulatan at ng kapahayagan ng Dios. Kaya naman kayo ay naninindigan pa rin.

<sup>302</sup> “Aba, ang lalaking *ito*, nakakakita siya ng mga pangitain at iba pa. Kaniyang ginagawa *ito*, at nakikipagrelasyon siya sa asawa *nitong* isang lalaki. Siya'y naniniwala sa—sa tatlong diyos, at lahat ng mga bagay na *ito*.” Hindi niyon natinag Ito kahit kaunti. At heto ang isang bagay na hindi nila kayang gayahin: ang Salita! Pansinin. Maaring mapasakanila ang lahat ng mga bagay na *ito*, maaring magsalita sila ng iba't ibang wika, maari silang sumigaw, magsayaw sa Espiritu, at gayunma'y diablo pa rin. Uh-huh. Tama iyan. Tama iyan. Subali't ang Salitang *ito* ay sinusukat sila. Kita n'yo? Tumpak iyan. Dito ang kahahantungan nito. Gaya ni Moises, at si Jambres. . .

At tandaan, ang sabi Niya, “Kung paanong nagsilaban sina Jannes at Jambres kay Moises, sa mga huling araw ang mga manggagayang *ito* ay lilitaw muli sa ibabaw ng lupa.” Sinalita ba Niya iyon? [Sabi ng kongregasyon, “Amen.”-Pat.] Buweno, narito na sila sa atin.

<sup>303</sup> Nguni't hindi niyon natinag si Moises. Nang pumihit si Moises at gumawa ng himala sa Pangalan ng Panginoon, at heto nakatayo ang mga manggagayang *ito*, gumawa ng gayunding bagay. Hindi iyon nakapagpahinto sa kaniya, na sabihin, “Buweno, sa palagay ko'y dapat na akong huminto at umalis na lang sa larangan.” Nanatili siya mismo roon. Dahil sa ano? Iyon ay nahayag sa kaniya. Aleluya! Alam niya sa pamamagitan ng Salita ng Dios. Alam niya na ang Salita sa bandang huli ay mangingibabaw sa kanila. Alam niyang darating ang oras na ihahayag ng Salita sa sarili Nito, at hindi na sila makapagpapatuloy pa.

<sup>304</sup> Ganoon din alam ko na *ito*, sa loob ng mga taong *ito*, kita n'yo, tama iyan, na ang oras ay darating. Kapag may anumang himala na ipinadadala ang Dios, isang tunay na himala, laging may nangyayaring pagbabago sa kabuuan ng sistema. Kung may ipinadala ang Dios sa iglesia, at ang dating sistema ay hindi nabago, ipinadala Niya iyon na walang kabuluhan. Kapag lumabas ang isang mensaheng may kalakip na mga tanda at mga kababalaghan, may Mensaheng kasunod iyon. Nang humayo't nagpagaling si Jesus ng maysakit, pagkatapos ay sinundan iyon ng Kaniyang Mensahe, “Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Ako nga Siya.” Kita n'yo? Kita n'yo, sila—hindi nila Iyon pinaniwalaan. Kanilang pinaniwalaan ang Kaniyang mga himala. Nagsabi, “Kung hindi n'yo Ako mapaniwalaan, paniwalaan n'yo ang mga himalang iyon, sapagka't ang mga iyon ang nagpapatotoo sa inyo, kung sino Ako.” Oh, naku. Luwalhati! Sino ang nauna?

Si Moises! Pagkatapos ay ginaya nila siya. Datapuwa't ang dakilang mga katotohanan ay nananatiling hindi nagbabago sa pagitan ng tama at mali, hindi nila matanggap ang Mensahe! Hindi nila matanggap ang Mensaheng walang halo, mula sa Salita ng Dios.

<sup>305</sup> Hindi mahalaga sa akin, maaring nagawa ni Judas ang lahat ng uri ng mga tanda at mga kababalaghan; datapuwa't, noong tatanggapin na niya ang Espiritu Santo sa Araw ng Pentecostes, ipinakita niya ang kaniyang kulay. Ang Diyablong iyon ay maaaring dumating mismo at ganap na gayahin ang mismong bagay, hanggang sa hahantong sa Salitang ito, nguni't hindi niya maaring tanggapin ang kabuuan ng Salitang iyan. Kaniyang maaaring sipiin lahat ito, marahil hanggang liban sa isang Salita tulad ng ginawa ni Eba, ginawa ng Diyablo kay Eba, subali't hindi niya kayang tawirin ito ng buo. Sapagka't ang tanging. . . ang kabuuang bagay ay ang Katawan ni Cristo. Kita n'yo, ang Salita ngayon. Ni maaaring. . . Hindi nila kaya, hindi nila matanggap ang Mensahe ngayon, ni si Jannes at Jambres noon ay hindi matanggap ang Mensahe ni Moises. Hindi nila magagawa iyon. Ang kanilang mga mapanggayang gawa ay nailantad, dahil hindi nila kayang sundin ang Salita ng Dios na pinagtibay sa pamamagitan ng Kaniyang pinahirang propeta. Kita n'yo?

<sup>306</sup> Hindi nila kayang sundan ang Israel palabas. Bakit? Sila'y mga makadenominasyon, mga sanggol ng Egipto! Hindi nila kayang sumunod sa Salitang iyon. Kung gagawin nila, kailangan nilang lisanin ang Egipto. Ang Nile, lahat sagana sa kanila, at hindi nila kayang gawin iyon. Bagama't magagawa nilang gayahin ang mga gawa, at gawin kung ano ang mga ginawa ni Moises, subali't ang kanilang kahangalan ay nalantad nang dumating na ang oras ng paglisan. Pagkatapos ay ganap na binuhos ng Dios iyon, sa kanila.

<sup>307</sup> Katulad din ngayon! Maaring gawin nila ang lahat ng uri ng huwad na panggagaya at mga bagay-bagay, wala itong nagagawa kundi ang dakilain lamang ang totoong bagay. At sinumang mananampalatayang anak ay batid na iyon ang Katotohanan. Huh-huh. Dito'y nakikita n'yo nang malinaw, kung ganoon, ang mga gawa ng kanilang kahangalan ng panggagaya nila. Kung ang inyong—kung ang inyong mga gawa ay ang tunay na Salita at pinagtibay Nito, sa pamamagitan ng inyong pananampalataya, ito'y mahahayag, at tulad ng pangako ng Dios, sa orihinal Nitong Salitang nasulat.

<sup>308</sup> Sinabi ni Jesus, “Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa. . .” Makinig nang maigi! “Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa. . .” Hayaan n'yong idagdag ko ito Rito. “Iyon ay, kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa na sinasabi sa inyo ng Kasulatan na gagawin Ko, kung ganoon. . . gawin iyan sa Aking panahon, kapag Ako'y dumating, kung ano ang dapat gawin ng Mesias kapag Siya ay dumating. Kung ang mga bagay na

Aking ginagawa, kung hindi pagtibayin ng Dios ang Salitang iyan na sinabi Niyang magaganap, kung ang buhay Ko ay hindi isinabuhay ang Salitang iyan nang katulad na katulad sa kung ano ang sinabi Nito na gagawin Nito. . .” Huwag n’yo itong palampasin! Sinasabi ni Jesus, “Alam n’yo kung ano ang dapat gawin ng Mesias. Kung ganoon, kung ang nasulat na Salitang iyan, at pagkatapos ay hindi Nito naipamalas ang sarili Nito sa pamamagitan Ko, kung ganoon hindi nga ako Siya.” Amen! “Kung ganoon ang araw na ipinangungusap Ko ay mali, anumang ang sinabi ni Juan tungkol sa Akin ay hindi totoo. At kung ganoon na hindi Ako ang Mesias na iyon, kung ang mga gawang iyon na ang siyang dapat gawin ng Mesias. Siya ay maging yaong ‘ang Panginoon mong Dios ay palilitawin ang isang propetang tulad Ko,’ at wala kayong propeta sa loob ng daang-daang taon. At kung silang mga gawa na ginagawa Ko, na ipinangako ng Dios, kung hindi naipamalas ang mga iyon sa Aking buhay ngayon, samakatuwid Ako ay hindi Siya. Datapuwa’t kung ang pangakong Salita sa panahong ito ay napagtibay sa Akin, kung ganoon Ako nga Siya at ang pangako ay dumating sa inyo.” Oh, naku, wala na akong nakikitang higit na lilinaw Rito! “Kung ang pangako’y hindi. . .” Oh!

<sup>309</sup> “Kung ganoon na ang pangako ng araw na iyon ay naipamalas sa Aking ministryo,” sinabi ni Jesus, “kung ganoon Ako nga Siya. Kaya’t kung nahihirapan kayong paniwalaan kung sino Ako, kung ganoon ay tingnan n’yo ang mga gawang ipinangako para sa araw na ito.” Amen! “Tingnan ang mga gawang ipinangako. Kung hindi natupad ang mga gawang iyon, bawa’t isa ng mga ito sa Akin, kung ganoon huwag ninyo Akong paniwalaan, dahil nagsabi Ako sa inyo nang mali. Hindi n’yo Ako mapaniwalaan, tingnan na lang kung ano ang sinabi ng Biblia na magaganap sa araw na ito. Kung hindi ito nagaganap, kung ganoon hindi ito totoo. Kung wala rito ang mga huwad na bagay na ito, at lahat ng iba pang bagay na ito, at ang mga bagay na dapat maganap; kung wala ito rito, kung magkaganoon Ako’y nagkamali. Subali’t kung ganoon nga ito,” sinabi ni Jesus, “kung ganoon Ako nga Siya.” Amen! “Ako nga Siya na ipinangakong darating.”

Oh, naku, ang siya ring mga gawa na ipinangako, sa Kaniyang kaarawan, nagpatibay sa *Kaniya* na siya ang Mesias na iyon. Hindi n’yo ba pinaniniwalaan iyan? [Sabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>310</sup> Buweno, ngayon, kapatid, kung ang mga gawa ng Lucas, sa ika-17 kabanata at sa ika-30 talata, ang pangako ni Jesus Cristo, bago pa ang Kaniyang pagdating, na ang sanlibutan ay manunumbalik sa Sodoma at ang mga mensahero ay lalabas, at ang mga bagay ay magaganap nang tugmang-tugma; kung ‘yan ay hindi nangyayari, kung ganoon huwag n’yo akong paniwalaan na ang sinabi ko sa inyo ay Katotohanan. Datapuwa’t kung ito’y



nangyayari, kung magkaganoon ay paniwalaan na Ito ay Siya nga, “Sa araw na iyon ang Anak ng tao ay mahahayag.” Amen! Ang Anak ng tao ay mahahayag sa katawang laman, kayong mga tao ang Iglesia, katulad na katulad noon bago pa ang mga kaarawan ng Sodoma, isang grupong tinawag-palabas palayo sa kanilang lahat, nasa labas, sumasampalataya sa pangako ng Dios. Luwalhati!

<sup>311</sup> Kung ganoon, ang mga gawa na ginagawa ng Banal na Espiritu sa araw na ito, sa pamamagitan mga pangitaing ito na hindi kailanman nabibigo, mga pangakong hindi kailanman nabibigo, lahat ng mga apostolikong tanda na ipinangako sa Biblia, ng Malakias 4, at, oh, ng Apocalipsis 10:7, lahat ng mga iyan ay nagaganap na; at napatunayan sa makaagham, sa bawa’t paraan. At kung hindi Katotohanan ang sinabi ko sa inyo, ang mga bagay na ito ay hindi magaganap. Nguni’t kung ang sinabi ko sa inyo’y Katotohanan, ang mga ito ang nagpapatotoo na ang sinabi ko sa inyo’y Katotohanan. Siya pa rin, kahapon, ngayon, at magpakailan man, at ang kahayagan ng Kaniyang Espiritu ay ang nag-aangat sa Nobya. Hayaang ang pananampalatayang iyan (kakahayagan) ay dumating sa inyong puso, na “Ito na ang oras.”

Ngayon ay manalangin tayo.

<sup>312</sup> Minamahal na Dios, na nahayag sa laman sa persona ni Jesus Cristo, na nagbangon sa mga patay, sa ikatlong araw, ayon sa mga Kasulatan, at pumaitaas sa Kaitaasan, at nagsugo ng mga alagad para akayin ang buong sanglibutan, at nagsabi, “Lalaki ang mga tandang ito sa magsisisampalataya.”

<sup>313</sup> Dios, sa iglesiang Pentecostal ng araw na ito, ang pagsasauli ng mga kaloob; nawa, Panginoon, ang mga taong iyon, marahil ilan sa kanila ang narito, ang iba sa kanila’y nakikinig sa teyp sa buong mundo, nawa’y mapagtanto nila na ito ang pagtawag palabas sa Nobya, hindi isang mensaheng Pentecostal. Ang mensaheng Pentecostal ay magsasauli ng mga kaloob pabalik sa Iglesia. Datapuwa’t ito ang pagtawag sa Nobya, isa pang Mensaheng darating bago sunugin ang Sodoma. Ipahintulot N’yo pong maunawaan nila, mahal na Dios. Pananampalataya, aking sinasampalatayanan Ito, dahil sa Ito’y inihayag ng Iyong Espiritu sa pamamagitan ng Salita ng Dios at pinagtibay na at naipamalas na sa buong mundo. Tiyak, Panginoon, sa minorya, laging ang iyong mga tinipon ay ganoon. Datapuwa’t sinabi Mo, “Huwag kayong mangatakot, munting kawan, ito’y kalooban ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian.”

<sup>314</sup> Kaya’t, dalangin ko, Dios, na ang tao ay hindi titingnan ang kanilang katalinuhan, hindi titingnan ang anumang bagay na maaring isipin nilang tama, at tingnan ang Kasulatan. At naipangusap kagabi, hayaan ang mga tao rito mag-isip gaya ng ginawa ng reyna noong mga kaarawan ng labis na pagkawasak

ng Babilonia, sabi niya, “May isang lalaki sa inyong kalagitnaan na nanggangalang ‘Daniel,’ na nasa kaharian ng iyong ama. Ang pencostal na magulang ay nasa kaniyang kaharian, at Siya ay tagapawi ng lahat ng mga pag-aalinlangan.”

<sup>315</sup> At ngayon, Panginoon, hayaang ang Espiritu Santo na nasa kahariang Pentecostal noon, ang kahariang nakay Martin Luther noon, nakay John Wesley noon, at-at hanggang kina John Smith at Alexander Campbell, at sa lahat ng mga kapanahunan. Siya ang Tagapawi, Kaniyang nililiwanagan ang mga kaisipan. At ang-ang mga tao sa mga kaarawan ni Luther, ang taong iyon, “Ang matuwid ay dapat na mamuhay sa pananampalataya.” Ang Metodista, kaniyang pinawi ang lahat ng mga pag-aalinlangan, na, “Sila’y dapat-sila’y dapat na mapaging banal,” At sa mga kaarawan ng Pentecostes, nangagsalita sila ng iba’t ibang wika, ipinakita ang patotoo ng Espiritu sa pamamagitan ng Banal na pagpapagaling at iba pa, inalis Nito ang lahat ng pag-aalinlangan sa puso ng pentecostal. Subali’t, O Dios, naging denominasyon sila. Nagsipagbalik sila para tanggapin ang kaisipan ng tao. Kung ganoon, ngayon na tinatawag na ang Nobya gaya ng Iyong ipinangako rito sa Kasulatan, binabasa Ito sa buong sanlibutan, gabi-gabi, at aming nasasaksihan Ito sa aming mga mata. Dios, nawa’y pawiin Nito ang lahat ng pag-aalinlangan sa puso ng mga tao. Magmadali nawa silang tumakbo sa Anak na nalantad, upang mahinog, upang maisama sila sa bangan at huwag maiwan sa tangkay na susunugin, kundi nawa’y maisama sila sa bangan ngayong gabi. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Salamat sa inyong pagpapahalaga. Hayaang mangusap ang Dios sa inyong puso.

<sup>316</sup> Ngayon, kayo ba’y . . . May mga ipinamahagi tayong mga prayer cards. Ngayon, tayo’y gugugol ng mga dalawampung minuto ngayon, para sa hanay ng panalangin. Nais nating magkaroon ng pila kaagad, at lumapit dito sa entablado at manalangin. At ngayon, hindi ko alam kung gaano karaming mga kard ang naipamahagi. Hindi ko pa natanong si Billy ng isa mang bagay. Sinabi ko lang, “Namahagi ka ba . . . Pumaroon ka’t mamahagi ng ilang mga prayer cards.” At siya’y bumalik at sinundo ang inay niya at ako at ang iba pa, kani-kanina lamang. Ngayon, aking—aking . . . ginawa . . .

<sup>317</sup> Buweno, nagsimula ka ba sa isandaan, o isa, at isa hanggang isandaan, o ano man? [Sabi ni Kapatid na Billy Paul, “Isa hanggang isandaan.”—Pat.] Isa hanggang isandaan. O sige.

<sup>318</sup> Tawagin na natin ang prayer card bilang isa. Kung hawak mo ito, itaas ang iyong kamay para makita ko. Kung hindi mo . . . Kung makakatayo ka . . . kung hindi mo magagawa, ika’y bubuhatin namin. Prayer card bilang isa, bilisan. Sinong may hawak niyan? Ano’ng sabi mo? Letrang A, bilang isa.

(ipagpaumanhin n'yo) Letrang A, bilang... Itong babaing narito, ikaw ba ang may hawak ng kard? Halika rito, maaari ba binibini? Letrang A, bilang dalawa. Hawak ba n'yo, sino man? Itaas kaagad ang inyong kamay. Banda rito, binibini, halika. Bilang tatlo. May kard? Meron kang kard? Lahat kayo'y walang mga hawak na kard, wala sa mga kard? Huh? Sige, hindi n'yo na kailangang magkaroon pa nito. Tatlo, apat, lima. Letrang A, isa, dalawa, tatlo, apat, lima. Tingnan nga natin, may isa, dalawa, tatlo, apat, lima. Letrang A... Sige, heto sila... Lima, anim, pito, walo, siyam, sampu. Sige, pumila lamang, simulan n'yo nang pumila.

<sup>319</sup> Ngayon, kung hindi kayo makalapit, ikaway n'yo lang ang inyong kamay para buhatin nila kayo. Tinanong ko ang mga taong naririto, na walang mga kard... Hindi na kailangang magkaroon pa, tinatanong ko lang sa inyo. Ngayon tingnan, kayo—kayong mga may kapansanang naririto, sa palagay ko'y kinailangan niyang pumarito nang maaga, 'pagkat, siya, sinabi ko sa kaniya, "maaga." Ngayon, hindi n'yo kailangang magkaroon ng kard, kung taglay n'yo ang pananampalatayang iyan na itinuro ko. Kita n'yo, kung ito'y nahayag sa inyo, mabuti. Kung hindi ito nahayag, kahit isang dosenang ulit pa kayong pumila sa hanay ng panalangin, wala itong maitutulong kahit kaunti. Alam n'yo ba iyan? Pinaniniwalaan n'yo ba iyan? Kita n'yo? Maaring mananalangin ako, gawin ang lahat kong makakaya, lumuhod ako, at patungan kayo ng mga kamay, pahiran kayo ng langis, anumang paraang nais n'yo, at manalangin. Hanggang sa ang Dios, sa pamamagitan ng biyaya, ipahayag iyan sa inyong puso, na "Ito'y wala na," kung ganoon ito'y tapos na. Hindi n'yo na kailangang pumila pa o saan man, ito'y sadyang tapos na.

<sup>320</sup> Mabuti, apat... Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu, labing-isa, labindalawa, labintatlo, labing-apat, labinlima. Sige, labing-anim, labimpito, labinwalo, labinsiyam, dalawampu. Mayroon ba sa mga binanggit ko na may kard at hindi makatayo? Itaas ang inyong kamay, may hawak na kard at hindi makabangon. Sige.

... only believe,

Nagugunita ko ang kaawa-awa, munting, si Anna Jean na nakaupo, tinutugtog iyon magdamag, halos, minsan. Nais kong ang lahat ay maging tahimik at magalang dito, na alam n'yo na.

... only believe;

Ngayon, ang mga prayer card mula isa hanggang labinlima, palagay ko'y ganoon nga.

... only believe,

Medyo nagsisiksikan na sila rito, kaya't tayo'y—tayo'y magsimula na. Ano sa palagay n'yo?

...possible...

<sup>321</sup> Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu...Ngayon, medyo dumarami na kayo. Higit iyan sa bilang na tinawag namin. Ayos lang 'yan. Manatiling nakatayo, sa inyong kinaroroonan lamang. Hindi ang isa lamang... kayo'y...Kayo'y maipananalangin, nguni't sadyang...Kita n'yo, maghintay lamang hangga't na tawagin nila ang bilang ninyo. Kung ganoon, alam n'yo na, hindi masyadong marami ang nakatayo rito. Kung ang Panginoon ay may gagawin na isang bagay, matatakpan n'yo iyon sa mga tao at hindi nila iyon makikita, kita n'yo. Pagpalain kayo ng Dios.

Ngayon ay manalangin tayo para sa mga panyong ito habang naghahanda sila.

<sup>322</sup> Minamahal na Dios, narito ang mga panyong nakalapag dito na galing sa mga maysakit at napipighati. Ang pananampalatayang ito na pinag-uusapan pa lang namin, Panginoon; Aking naalala na sinabi Mo, sa Biblia, sa Aklat ni Judas, "Makipaglabang masakap dahil sa pananampalataya na ibinigay na minsan at magpakailan man sa mga banal." At buhat sa katawan ng mga banal ay nagsikuha sila ng mga panyo, hindi sa dahilang sila'y mga bukod-tanging tao, kundi sa dahilang sila'y mga taong sumasampalataya. Katulad din namin ang mga taong ito. Sinabi nila, si "Elias" ay kagaya niyan at siya'y "nanalanging maningas na huwag umulan." At, Dios, siya'y dumalangin ng *ganoon* upang ang mga tao'y mangagsisi. Inihayag Mo iyon sa kaniya na manalangin para sa kanila, na manalangin sa paraang iyon upang tupdin ang Iyong Salita. Walang alinlangang nagpakita Ka ng pangitain sa propeta. At, Panginoon, sa gabing ito'y dalangin kong gumaling ang mga taong ito. Hindi ako si Elias, inagaw na siya sa Langit, datapuwa't ang kaniyang Buhay at Espiritu ay nabubuhay pa rin. Kaya't aming dalangin, mahal na Dios, na tatanggapin Mo ang mga panalangin ng Iyong bayan. At tanggapin ang bawata't isa sa amin ngayon samantalang idinadalangin namin ang mga panyong ito, na kapag naidampi ang mga ito sa maysakit ay magsigaling sila.

<sup>323</sup> Aming napapagtanto, Ama, na kami'y isang-isang naghihingalong lahi ng mga tao. Kami'y patungo... naharap-naharap sa Eternidad. Ang sanlibutan ay wala na sa katinuan. Mga mamatay-tao; mumunting mga batang babaing pinaggugutay-gutay at hinahalay. Ang mga tao, mga kalalakihang ang buhok ay tulad sa mga kababaihan, ang mga kababaihan nama'y gaya ng mga lalaki, sadyang mga nalilihis na sila. Ang lahing ito ay naghihingalo. Ang sanlibutan ay naghihingalo na. Lahat ng bagay ay naghihingalo na. Ang iglesia ay naghihingalo na.

324 O Dios, maghatid ng Buhay. Maghatid ng Buhay, O Dios, Buhay ng pananampalataya. Maghayag sa mga taong ito, Panginoon. Ako ay makapananalangin lamang at magpatong ng aking mga kamay sa kanila. Subali't Ikaw ang Isang iyon na makapagpapagaling sa kanila, at tanging Ikaw ang makapagpapagaling sa kanila. Dalangin kong gawin Mo, Ama, sa bawa't isa. Ipagkaloob ito, habang nakapatong sa kanila ang aking mga kamay, at hinihiling nang buong puso ko; sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalagingin Mo ang mga taong ito. Amen.

325 Ngayon, gumagana ba ang mikroponong ito, kapatid? Ngayon naririnig n'yo bang mabuti? Naririnig ba ng lahat 'yan? Itaas ang inyong kamay. Mabuti. Ngayon, sa paano't paano man, ang puso ko'y nakadarama para sa mga tao sa gawi rito, na nakaupo rito sa—sa upuang ito, mga tiheras at mga istretser. . . sila ay “hindi man lang nakakuha ng mga prayer card.” Kita n'yo? Subali't, tingnan, kapatid, kita n'yo, ang mga taong ito ay may mga prayer card, datapuwa't hindi iyan nangangahulugang gagaling sila. May mga taong nakaupo riyang sa mga tagapakinig, marahil, Iyan—iyan—iyan ay hindi nangangahulugang sila'y—sila'y—sila'y gagaling. Iyan—hindi iyan ang magsasabi na—na sila nga ay gagaling o hindi gagaling. Nakasalalay lahat iyan sa kanilang pananampalataya sa Dios. Ilan ang nakaaalam na iyan ang katotohanan? Iyon lang, tanging ang pananampalataya lamang nila sa Dios. Buweno, ngayon, ilan ang nakaaalam na 'yan ang totoo? Kahit gaano ka karelihiyoso, gaano ka kabuti o gaano ka kasama, malibang ilagay 'yan ng biyaya ng Dios sa iyong puso, kailanma'y hindi ka gagaling. Ngayon, ilan ang nakaaalam na ginawa na ito ng Dios, ginawa ito mula noon hanggang ngayon, mga dakilang himala, mga tanda at mga kababalaghan? At ngayon, lumalapit kayo ngayong gabi, nakatayo sa hanay na ito, hindi sa dahilang napili kayo ng Dios para tumayo sa hanay na ito, hindi ganoon iyon; may hawak lang kayong prayer card, nagkataon lang na nasa inyong. . . [Blankong bahagi sa teyp—Pat.]

326 Ang kaparaanan ay kaparehong-kapareho ng sa aking kagalang-galang na Kapatid na Gerholtzer dito, nagsimula sa kaniyang ministeryo maraming taon nang nakalipas. [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] . . . taglay ang pananampalataya sa Dios, sumampalataya sa Dios, sumasampalatayang pinagagaling ng Dios ang maysakit sa pamamagitan ng pananampalataya. At kailanma'y hindi pa iyon nabago, bagkus ay idinagdag pa ng Dios nitong mga huling araw, ang mga kaloob, mga kaloob na Kaniyang ipinangako. Ginawa ito ng Dios da- . . . hindi dahil sa kailangan Niyang gawin, kundi dahil sa ipinangako Niya ito. At kung Kaniyang ipinangako, kung ganoon kailangan Niyang gawin ito; dahil kailangan Niyang tuparin ang Kaniyang Salita.

327 At Kaniyang ipinangako sa iyo ang ganoon ding bagay, iyon ay, “Kung magagawa mong sampalatayanan na magaganap

nga ito.” Kung hindi mo kayang sampalatayanan Ito, sadyang hindi ito magaganap. Ngayon, hindi ko magagawang paniwalain ka, ni hindi mo rin kayang paniwalain ang iyong sarili. Ang Dios ay kailangang ipagkaloob ito sa iyo. Ito’y kaloob ng Dios, ang manampalataya. Hindi ang iyong pananampalataya, ang pananampalataya ng Dios. Ang intelektuwal mong pananampalataya ay maaaring mapaniwalaan itong mabuti, datapuwa’t malibang ang pananampalataya ng Dios ay nasa iyong puso...Kita n’yo, ang iyong intelektuwal na pananampalataya ay magagawang tanggapin, na gawin iyon. At patuloy lamang na sampalatayanan iyon ng buong puso mo hanggang sa ihayag iyon ng Dios sa iyo. Kita n’yo? Patuloy lamang na sampalatayanan iyon hanggang sa ihayag iyon ng Dios. Subali’t hangga’t hindi pa Niya hinahayag ito. . .

328 Sasabihin mo, “Kapatid na Branham, ano’ng sabi mo roon?”

329 “Opo, ginoo!” Ang Dios nagpadala ng propeta kay Ezechias at sinabi sa kaniya, “Hindi ka na makababangon pa sa higaang iyan,’ GANITO ANG SABING PANGINOON. ‘Ika’y mamamatay sa higaang iyan.’” Tama ba iyan?

330 Datapuwa’t pumihit ang propetang iyon...o ang haring iyon humarap sa dingding, at nanangis nang lubha, at nagsabi, “Panginoon, kailangan ko pa ng labing limang taon. Isinasamo ko sa Iyo, Panginoon, na dinggin ako.” Ngayon, ang hari ang pinakadakilang tao sa mundo, sa pulitika; datapuwa’t, ang propeta ang pinakadakila, sa paningin ng Dios. Iyon ay hari ng Dios; nguni’t iyon ang propeta ng Dios. Kaya’t, hinayag ng Dios sa propetang kumuha ng ilang. . . maglaga ng ilang. . . [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] Alam na n’yo, nauunawaan ba?

331 Ngayon, para inyong maunawaan ngayon, dahil sa naipangaral ko na ang mga Kasulatan dito, “Kung paanong sa mga kaarawan ng Sodoma, gayon din naman sa pagdating ng Anak ng tao.” Sa mga araw ba na inihahayag ang iglesia? Hindi po! “Sa mga araw na ang Anak ng tao ay inihahayag.” Ano ba ang *nahayag*? Nailantad na! Tama ba iyan? Ihayag! Sa araw na ang Anak ng tao ay inihahayag, ito’y araw na kagaya ng Sodoma at Gomorra. Tama ba iyan?

332 Ngayon, tingnan kung ano’ng nangyari. Sila’y may dalawang pangunahing mensahero, doon sa Sodoma at Gomorra, sapagka’t mayroong lupon ng mga malahiningang Cristiano roon. Tama ba iyan? At sila’y may dalawang pangunahing mensahero (ngayon makinig nang maigi) doon sa Sodoma at Gomorra, nangangaral. Subali’t ang isa sa kanila’y nanatiling nakatayo rito kasama ng grupo ni Abraham. Tama ba iyan?

333 Ngayon tingnan! Hindi pa tayo kailanman, sa buong kasaysayan ng iglesia, nagkaroon kailanman ng isang pandaigdigang mensahero sa iglesia na ang pangalan niya ay nagtatapos sa h-a-m, hanggang sa ngayon: G-r-a-h-a-m, na

may anim na titik, G-r-a-h-a-m. Datapuwa't ang pangalan ni Abraham ay binabaybay ng: A-b-r-a-h-a-m, pitong titik. Kita n'yo? Kaya't ang pandaigdigang iglesia, bilang titik ng tao, anim, organisasyong gawa ng tao, gayunma'y tinanggap nila ang kanilang mensahero. Nagkaroon na sila ng Sankey, Moody, Finney, Knox, Calvin, at iba pa, nguni't kailanma'y hindi isang "h-a-m." Tama ba iyan? Nguni't meron na sila nito, at siya'y isang mensahero, sinugo buhat sa Dios, at kaniyang binabayo ang mga pader na iyon nang abot-lakas niya, "Magsilabas kayo rito! Magsisi o mapahamak!"

<sup>334</sup> Subali't tandaan, ang Hinirang, predestinado, tipang naitalaga na nang una pa, si Abraham at ang kaniyang pangkat, ay may Mensahero, rin. Uh-huh. Masdan kung ano ang ginawa Niya. Binigyan Niya sila ng tanda na malapit na ang oras na uulan ng apoy. Ngayon, apoy na ngayon ang inaabangan natin, atomikang apoy, ang galit ng Dios.

<sup>335</sup> Ngayon, ang Mensaherong iyon ay may ginawang isang bagay. Siya'y nangusap patungkol sa isang babae habang nakatalikod Siya, at sinabi sa kaniya—at sinabi sa kaniyang nag-aalinlangan siya tungkol sa Kaniyang sinasabi, sinabi sa babae ang kaniyang kalagayan at kung ano ang mangyayari. Tama ba iyan? Sinabi ba Niya na ang Anak ng tao ay ihahayag ang Kaniyang sarili sa ganoon ding paraan sa araw na iyon? Buweno, pinaniniwalaan n'yo bang iyan ang Katotohanan?

Buweno, nakatayo rito ang isang babae, . . .

<sup>336</sup> At sa hindi nakikitang pakikipag-isa ng Iglesia, ng Nobya kay Cristo, ang Mensaherong iyan ay naririto ngayon, na si Jesus Cristo, siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.

<sup>337</sup> Ngayon, nangungusap lamang Siya sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta. Iyan ang sabi ng Biblia! "Wala Siyang gagawin malibang ihayag Niya muna ito sa Kaniyang mga propeta," Amos 3:7. Palaging ganoon ang ginagawa Niya. Hindi Niya kailanman binabago ang Kaniyang disenyo. Kita n'yo? At ang tanging maaaring sabihin ng propeta, kung siya'y totoo, kung ano'ng sinasabi ng Dios sa kaniya. Tama ba iyan? Iyan ay tama.

<sup>338</sup> Ngayon, naniniwala ba kayo na maaari Niyang sabihin sa akin kung ano ang sakit ng babaing ito bago ko pa man siya tingnan? Naniniwala ba kayo rito? Aba, siya'y pinahihirapan ng kanser. Tama iyan. Ito'y sa kaniyang dibdib. May anak siyang lalaki, na kaniyang iniisip, pinahihirapan siya ng isang uri ng sakit sa kaisipan, isang nerbiyos, at mga kumplikasyon. Tama iyan. Naniniwala ba kayo rian? At tama iyan, hindi ba? Naniniwala ka ba ngayon na ang iyong pananampalataya ang nagsasabi niyan, ay umangkla, na tinanggap mo na ito, na mapapasaiyo ito? Kung ganoon humayo ka, at ang Panginoong

Jesus ay pagagalingin ka. Kita n'yo? Siyanga. Kita n'yo? Naniniwala ba kayo? Nang buong puso n'yo?

<sup>339</sup> Ngayon, naniniwala ba kayo, na kahit hindi tumitingin sa babaing ito, magagawang sabihin ng Panginoong Jesus sa akin kung ano ang kaniyang problema? Ilan ba ang naniniwala niyan? Ngayon, alam n'yo . . . at ni hindi ko . . . ako . . . ang tanging bagay, aking nakita lamang ang isang palda. Hindi ko alam, hindi masabi kung lalaki o babae; kundi nakatayo lang diyari. Nais kong sumampalataya siya. Sumasampalataya ka ba, binibini? Narito, ang pasyente, sumasampalataya ka ba? Itaas ang iyong kamay kung sumasampalataya ka. Kung sumasampalataya ka ng buong puso mo, iyong matatanggap ang sanggol na iyan na hinihiling mo sa Dios. Kita n'yo? Kita n'yo? Sumasampalataya ka ba? May pananampalataya ka ba sa Dios? Ngayon, hindi iyon nagpapagaling, iyon ay kumilala lang. Iyan ang mga gawa na nagpapakilala sa pananampalataya sa Presensiya ng Dios, ang Kaniyang Salita na nahayag.

<sup>340</sup> Ang babaing ito ay naghahangad ng isang dakilang bagay, rin. Hindi iyon isang sanggol, kundi hinahangad niya ang Bautismo ng Banal na Espiritu. Sasabihin ko kung ano'ng gagawin mo. Kung iwawaksi mo ang mga sigarilyong iyan, ipagkakaloob sa iyo ng Dios ang Bautismo ng Banal na Espiritu. Humayo ka, sampalatayanan Ito, kita mo. Sumasampalataya ba kayo? May pananampalataya ba kayo sa Dios?

<sup>341</sup> Itong lalaking nakatayo rito, ay isang lalaking hindi ko pa nakita sa buong buhay ko. Hindi ko siya kilala, nguni't pinahihirapan siya ng isang sakit sa kaniyang dibdib. Siya'y nahulog na naging sanhi nito, di pa kalaunan. Hindi siya tagarito, galing pa siya ng Arkansas. Siya'y isang mangangaral. Umuwi ka, ipangaral ang Evangelio. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Hindi ko pa nakita ang mukha ng lalaki.

<sup>342</sup> May isang babaing nakatayo rito, hindi ko kilala 'yung babae, hindi ko pa siya nakita sa buong buhay ko. Kilala siya ng Dios.

<sup>343</sup> Kung maihahayag Niya kung ano ang kaniyang problema, o isang bagay na patungkol dito, maniniwala ba kayo? Lahat kayo? Isa lamang itong gawa na nagpapakilala sa pananampalatayang kailangan kong ipangaral kung ano sa ipinangusap ko sa inyo, sa gabing ito. Iyan kung ano ang inihayag ng Dios, at ito ang mga gawa na nagpapatunay Rito. Ngayon, kailangan ninyong magkaroon ng pananampalataya para gumaling.

<sup>344</sup> Ang babaing ito rito, palagay ko'y hindi—hindi ko siya kilala. Opo, hindi ko siya kilala datapuwa't kilala ko ang taong kakilala niya, 'pagkat nakikita ko siyang nakatayo rito sa harap ko. Siya'y dumadanas ng sakit sa ulo. Di ba tama iyan, binibini? Sumasampalataya ka bang pagagalingin ka ng Dios? Kapatid na babae ni Peary Green. Tama iyan. Hindi ko



pa siya nakita sa tanang buhay ko. Tama iyan. Nakita kong nakatayo rito si Pearry Green, nakatingin sa akin, *gumaganiyan*. Basta't dumarating lang, kita n'yo. Tama. Hindi ko alam kung saan naroon si Pearry Green. Sumasampalataya ba kayo? Gaano ba kalaki ang pananampalataya n'yo? Kung magagawa n'yong sumampalataya, ang lahat ay posible. Kung hindi n'yo magawang sumampalataya, walang anumang mangyayari.

<sup>345</sup> Ang babaing iyon na may puting buhok, nakaupo roo't nakatingin sa akin, sa banda rito, sumasampalataya ka ba sa Dios? Naniniwala ka bang maihayag ng Dios sa akin kung ano'ng iniisip mo riyan? May tumor ka sa dibdib. Sumasampalataya ka bang kayang alisin ng Dios iyan para sa iyo? Opo. Sumampalataya ka at manalig. Ngayon, ano'ng kaniyang nahipo?

<sup>346</sup> Ang babaing humipo sa laylayan ng Kaniyang damit, sinabi ng Biblia. . . Kayong nais tumungo sa Biblia, sabi Niya, "Siya ang Dakilang Saserdote na maaaring mahabag sa ating kahinaan." Di ba tama iyan? Siya ang Dakilang Saserdoteng iyon at Siya'y nakatayo mismo rito, ngayon ang mga tao'y humihipo sa Kaniya.

<sup>347</sup> May isang maliit, payat na babae, itinaas ang kaniyang kamay, nakaupo sa gawi rito. Hindi ko pa siya nakita sa buong buhay ko, subali't kaniyang nahipo kanina lang ang isang bagay. Ganito iyon. Nananalangin siya sa Dios. May karamdaman siya sa kaniyang dibdib, mayroon din siyang sakit sa tiyan. Pinagaling ka ng Dios, kung iyong sampalatayanan Ito. Kailangan mong sumampalataya. "Ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kanila na nananampalataya."

<sup>348</sup> May isang lalaking nakaupo sa bandang likuran, nakatingin siya sa gawing ito (sa ikalawang hanay, sa gawing ito), dumadanas ng hika. Naniniwala ka bang pagagalingin ka ng Dios, ginoo? Kung sumasampalataya ka Rito, pagagalingin ka ng Dios. Matatanggap mo kung ano ang iyong hinihiling, kung iyong sampalatayanan Ito.

<sup>349</sup> May isang babaing nakaupo sa gawing ito, nakatingin sa akin, dito sa tapat, puti ang buhok. Kung sumasampalataya ka nang buong puso mo. . . Sinasampalatayanan mo ba Ito? Mabuti, ang sakit mo sa pantog ay aalis sa iyo kung ganoon, kung sasampalatayanan mo Ito.

<sup>350</sup> Ano sa palagay mo Ito, ikaw na nakahiga riyan sa tiheras? Sumasampalataya ka ba na kaya kang pagalingin ng Dios? Kung sasabihin ng Dios sa akin ang iyong karamdaman, sasampalataya ka ba sa Kaniya? Kung sasampalataya ka, ang kanser na iyan ay aalis sa iyo at gagaling ka. Bakit hindi ka tumayo, at buhatin ang iyong higaan, at umuwi? Sumasampalataya ka ba? Sasampalataya ba kayong lahat? Buweno, ngayon, paano na ngayon? Naihulog ba ng

Dios ang pananampalatayang iyan sa inyong puso? Lahat na naririto, itaas ang inyong kamay. Kung inihulog ng Dios ang pananampalatayang iyan sa inyong puso, tayo'y mangagpatungan ng mga kamay sa isa't isa, dito sa hanay rito. Ipatong ang inyong mga kamay. . . Ngayon mismo, kaagad, habang kumikilos ang Espiritu Santo, ipatong ang inyong kamay sa isa't isa. Tumayo na ang lalaki, tumatakbo tungo sa hanay, nananalangin para sa iba.

<sup>351</sup> Magsitayo tayo at bigyan ang Dios ng papuri, bawa't isa. Hindi na kailangan nang magpapatagal pa. Kilalanin si Jesus Cristo siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Ikaw, kung ano'ng karamdaman mo, anuman ito, kung sumasampalataya ka sa Kaniya, tumayo ka, ngayon din, at sumampalataya.

<sup>352</sup> Dios na Makapangyarihan sa lahat, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaac, ang Dios ni Jacob, suguin ang Iyong kapangyarihan at pagalingin ang kalipunan ng mga taong ito ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Luwalhati ang sa Dios! Pagpalain kayo ng Dios.



*ANG MGA GAWA AY PANANAMPALATAYANG NAHAYAG* TAG65-1126

(Works Is Faith Expressed)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Nobyembre 26, 1965, sa Life Tabernacle sa Shreveport, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2007 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)